

1

Hindi gawain ni Jack Bugalli ang makipag-sex sa di kakilala, pero kung hindi siya titigilan ng babae sa bandang dulo ng bar na kung makatitig ay para bang pagkain siya, baka magbago ang isip niya.

Napansin niya ito nang pumasok ito sa *The Dive* may kalahating oras na ang nakalipas. Kakaiba ang alindog nito sa tamang makeup, hapit na damit, malalambot na labi, at mapupungay na mga mata. May ipagmamalaki ito, totoo iyon. Kayang-kaya nitong mapaamo ang kahit na sinong lalaki sa isang pitik lang ng mga daliri nito. Pero sa kung anong dahilan, siya ang napili ng pang-akit nito na magpapasuko sa kahit na sinong santo.

Puwede siyang suwertehin ngayong gabi. Puwede siyang makaiskor, kung siya iyong tipong pumapatol sa casual sex, na hindi niya gawain. Pero baka naman puwede niyang kalimutan iyon ngayong gabi.

Bakit hindi? Simula nang mapawalang-bisa ang kasal niya, matagal na siyang hindi nakikipagtalik. Kawawa naman ang kanyang 'John Thomas' na matagal nang walang aksyon, at hindi iyon nakakatuwa. Panahon na para baguhin ang ihip ng

hangin.

Tumayo siya sa kinauupuan at naramdaman niya ang pagkiskis ng pantalon niya sa kanyang namumuong pagnanasa.

“Easy lang,” aniya. Halos hindi na niya marinig ang sarili sa lakas ng tunog na nagmumula sa banda na tumutugtog sa entablado. “Konting patikim lang ng karisma at makukuha mo rin ang gusto mo.”

Napangiti ang babae habang palapit siya. Napayuko ito at nang muli nitong iangat ang paningin sa kanya, halos matuyo ang lalamunan ni Jack. Ngumiti siya—slow and easy. Kung masuwerte siya, hindi pa tuluyang nawala ang diskarte niya sa mga babae.

“Can I buy you a drink?” tanong niya.

Inilagay nito ang kamay sa tainga, nagpapahiwatig na hindi siya marinig nito sa lakas ng banda sa entablado. Ginamit niya ang pagkakataon upang mas makalapit dito hanggang sa halos dumampi na ang kanyang mga labi sa noo ng babae. Nakiliti siya sa ilang hibla ng buhok nito na dumampi sa dulo ng kanyang ilong. Nablangko ang utak niya sa halimuyak ng pabango nito.

“Can I buy you a drink?” ulit niya.

“I’m good,” sagot nito. Dinampot nito ang kopita na may lamang white wine at sumimsim doon. Nag-iwan ng marka ang pulang-pula nitong lipstick sa baso. She was good, all right.

“Hindi ako masyadong umiinom,” dagdag nito.

“Ako rin,” saad ni Jack, ipinatong sa bar ang kalahating baso ng beer.

“Nakakamanhid. Masyadong importante ang pakiramdam para burahin lang ng alak. Sang-ayon ka ba?”

“Oo naman,” tugon niya. Lahat ng kanyang pakiramdam ay nasa overdrive na. “Isa sa mga paborito ko ang paghawak, sunod sa pagtikim.”

“Okay din ang pag-amoy. At pagsipat.” Sinulyapan nito ang harapan ng kanyang pantalon at saglit na namilog ang mga mata nito. Mukhang nagpaparamdam na si John Thomas mula sa jeans niya. Walang duda kung saan patungo ang usapang iyon. Kung gusto nitong mag-back out, gawin na nito ngayon.

Umikot bahagya ang upuan nito at napaharap ang babae sa dance floor. Namula ang mga pisngi nito. Oh hell. Kapag nawala ang atensyon nito sa kanya, wala siyang magagawa kundi tugunan ang

sariling pangangailangan. Bakit ba nag-abala pa ito sa kanya kung di naman ito interesado?

Makalipas ang ilang sandali, inilapat nito ang mga siko sa bar at sumandal doon. Lalo tuloy nabigyang-diin sa hinabing tela ng maikli at itim nitong bestida ang dibdib nito. Hindi kalakihan, pero bilugan. Parang bakat nga ang tuktok ng mga iyon.

Damn. Kung patuloy siyang aakitin nito at paaasahin lang sa wala, mabuti pang umalis na siya bago pa siya magmukhang tanga.

Tumingin ito sa pantalon niya pataas sa kanyang mukha. Naroon ulit ang nag-aapoy na pang-aakit nito.

“You dance?” tanong nito.

“Medyo.”

“Gusto mong *medyo* sumayaw kasama ’ko?”

“Oh yeah.”

Tumayo ito at ibinaba ang kopita ng alak sa bar. 6’2” si Jack, ngunit abot ng baba nito ang balikat niya. Factor ang suot nitong takong bagaman mahahaba rin talaga ang legs nito. Oh yeah. Talagang tamang-tama ang magiging lapat nito sa kanya.

Inilagay niya ang palad sa likod ng babae at iginiya ito sa dance floor. Ballad ang tinutugtog ng banda—marahan at suwabe, tama lang para maglapat ang mga puso nila.

Nang marating nila ang gitna, inikot niya ito at hinila paloob sa kanyang mga bisig. Sa dinami-rami ng mga taong sumasayaw nang mga oras na iyon, sekreto nila kung ano ang eksaktong namamagitan sa katawan niya at sa katawan nito. Sex—or near sex—doon mismo kung saan maraming tao at pagkatapos, ihahatid niya ang estranghera at ibibigay niya rito ang lahat ng hinihingi nito kanina pa.

Ipinulupot nito ang mga braso sa kanyang leeg at sumandal sa kanya. Halos napaungol si Jack sa malambot na katawang nakalapat sa kanya mula tuhod hanggang balikat.

“Ano’ng pangalan mo?” tanong niya, nangangapa ng kung ano—kahit anong—puwedeng sabihin dito.

“Bakit di mo ’ko tawaging Jane?”

“Iyon ba ang pangalan mo?”

“Mahalaga pa ba ’yon?”

Nang igalaw nito ang puso sa pagkalalaki niya, wala nang ibang mahalaga pa.

“My name’s Jack,” aniya. “Pero puwede mo ’kong tawaging John Thomas.”

Inihilig nito ang ulo sa isang tabi at pinagmasdan siya. “John Thomas?”

“Palayaw.”

“I’ll stick to Jack.”

Ang totoo kay John Thomas ito madidikit pero hindi niya kailangang igiit iyon ngayon. At sa paraan ng pagdiin nito ng katawan sa kanya, halos hirap na rin siyang magsalita.

Pinaglandas ni Jack ang mga kamay sa pang-upo ng babae at lalo itong hinapit, minamasahe ng mga daliri ang katawan nito. Napaungol nang bahagya si Jane at inihilig ang ulo nito sa kanyang balikat. Napakainit nito sa mga bisig niya at nadarama niya ang humahangos nitong hininga sa kanyang leeg. Yumuko siya at marahang kinagat-kagat ang malambot na balat sa ibaba ng earlobe nito at huminga sa tainga nito. Nangaligkig si Jane at naramdaman iyon ni John Thomas na malapit nang mawalan ng kontrol nang mga oras na iyon.

Damn, pero torture ang tawag doon. Puwede niya itong angkinin doon mismo, pero kulang iyon. Kaya niyang dalhin silang dalawa sa sukduhan, ngunit

hindi nila maaabot ang totoong langit. Kaya niyang ibaon ang sarili rito, pero hindi niya magagawa iyon nang buong-buo.

“Um, Jane?” bulong niya, namamaos ang tinig.

“Um. Oh yes, um.”

“Jane?”

“Jack?” tugon nito, hirap ang boses.

“Hindi ka ba naiinitan dito?”

“Mainit?”

Lalo pa niyang hinapit ito at idiniin si John Thomas sa kurba ng balakang nito. Napaungol ang babae at naramdaman niya ang hininga nito sa gilid ng kanyang leeg.

“Honey?” aniya.

“Hot. Oh yes. Sobrang init.”

“Labas muna tayo saglit, okay?”

Napatingin ito sa kanya, bahagyang nakapikit ang mga mata. Kahit ganoon, malinaw ang ipinapahiwatig nito. Init. Gutom. Isang babaeng totoong handa. Kailanman ay hindi siya tiningnan nang ganoon ng kanyang ex na si Faye. Umpisa pa lang ito ng isang

mahabang gabi.

“Kailangan kong kunin ang purse ko,” anito.

“Hihintayin kita sa pinto.”

Tumango ito at naglakad pabalik sa bar. Ganoon na lang na-miss ni John Thomas ang babae kaya tinapik ni Jack ang harapan ng kanyang jeans. Konting tiis na lang, Pare.

Hinawi ni Jack ang mga tao sa daan hanggang sa makarating siya sa pinto kung saan niya hinintay si Jane, o kung anuman ang pangalan nito. What was in a name, right? Makalipas ang ilang minuto ay sumulpot ito dala ang handbag. Hindi niya masiguro kung medyo tipsy na ito, pero siya man ay hindi sigurado sa pakiramdam niya.

Binuksan niya ang pinto, inialok ang braso rito. Sabay silang lumabas, at iniwan ang maingay na bar sa likuran nila.

Malamig ang gabing iyon, ngunit hindi niyon nabawasan ang pagnanasa niya. Normal lang na malamig ang gabi sa parteng iyon ng Napa, kahit tagsibol. Wala siyang magiging problema kung paano sila pag-iiniting dalawa. Nuh-uh.

Inakay niya ang babae sa ilang puno sa dikalayuan kung saan sila naglaho kasama ng mga anino. Isinandal niya ito sa isa sa mga puno at hinalikan ito na para bang nakasalalay roon ang kanyang buhay. Tinugon nito ang mga halik niya gamit ang malalambot at nagbabagang mga labi. She parted her lips and slipped her tongue out, seeking his tongue. Napaungol si Jack sa bibig ng kaulayaw, unti-unting ninanamnam ang tamis nito.

Nagpatuloy lang sila—mga labi't dila kahit ngipin ay magkalapit—habang naglalakbay ang mga kamay nito sa kanyang likod. Gumala ang mga daliri ni Jane sa kanyang katawan at pinisil ang kanyang likod, ang pagitan ng kanyang mga hita. Halos mabaliw siya sa kanyang kinatatayuan.

Kontrol. Kailangan niyang huminahon kung hindi ay madaling matatapos ang mainit na tagpong iyon nang hindi man lang sila nakapag-enjoy nang todo. Pagkatapos ng gabing ito, hindi na niya kayang magpanggap na ayaw niya ng anonymous sex. Ngunit alam niyang hindi rin uubra sa kanya ang selfish sex. Bahagya niyang inilayo ang katawan mula rito at inihilig ang noo niya sa nag-aapoy na sentido nito. “Easy, Honey. I want to please you.”

“You do please me,” tugon ng babae. “Please.”

“Hinay-hinay lang. Mahaba pa ang gabi.”

“Kiss me,” bulong nito.

“Sure.” Hinalikan niya ang talukap ng mga mata pati na ang tungki ng ilong nito.

“Hindi ganyan.”

“Ganito?” Marahan niyang kinagat ang earlobe ni Jane, at ipinasok ang dulo ng kanyang dila sa tainga nito.

“Oh,” singhap nito. “That is so—”

“Ganito?” tanong niyang at hinagip ng mga labi ang gilid ng mukha nito. Dahan-dahan bago niya muling inangkin ang bibig ng babae.

Isinilid ni Jane ang mga braso sa ilalim niya patungo sa kanyang likod hanggang sa magdikit ang kanilang mga katawan. Marahan niyang hinalikhalikan ito habang dahang-dahang ibinababa ang zipper ng bestida nito. Nang magawa iyon, niluwagan niya ang manggas ng damit sa braso nito upang ihantad ang isa nitong dibdib. Natatakpan lang iyon ng manipis na lace ng suot nitong bra. Hinaplos niya ang balat nito sa ibabaw ng bra, sinakop ang umbok niyon ng kanyang kamay, at marahang pinisil ang tuktok niyon. Impit itong napadaing, at kinalagan

niya ang front clasp ng bra nito at yumuko upang tikman ito.

Pinaglandas ng babae ang mga daliri sa kanyang buhok at niyakap siya nang mahigpit. Her body started to rock in rhythm to his suckling, so he slid his leg between hers and gave her his thigh to rock into. Mayamaya lang ay gumalaw ang kanilang mga katawan sa isang nakababaliw na indayog. Wala nang balikan. Wala pang babaeng nakapagparamdam sa kanya ng ganoong klase ng pangangailangan. Wala pang babaeng nakatugon at nakapantay sa kanyang init. Puwede niyang angkinin ito ngayon na—mariin at mabilis, habang nakasandal sa puno. Pero higit pa roon ang gusto niya mula sa babaeng ito.

Kinailangan niya ang buo niyang lakas upang ilayo ang sarili rito. Itinukod niya ang mga kamao sa puno.

“Tumigil ka,” puna nito. “Bakit?”

“Gusto kong gawin ’to nang tama.”

“Wala akong pakialam sa tama. Basta gawin mo.”

“Sumama ka sa ’kin pauwi.”

“Ano, ngayon na?”

Natawa si Jack, bagaman pagak ang tunog.

“Maganda kung ngayon na. Mas okay sana kung kanina pa pero naubos na natin ang oras.”

Tumaas-baba ang dibdib ni Jane na para bang tumakbo ito sa marathon. Siya mismo medyo nahihirapan na ring huminga.

“Hindi ako sigurado kung kaya kong mag-drive,” anito.

“Ako na ang bahala.”

“Pero paano ang kotse ko?”

“Daanan na lang natin mamaya,” sagot niya.

“Kailangan ko ’yon,” sabi nito, inayos ang nakalas nitong bra. “Susunod ako agad.”

Saglit niya itong hinalikan. “May isang minuto ka.”

Bumalik ang nakakaloko nitong ngiti na nagsimula ng lahat ng iyon. “Isang minuto.”

Na-imagine ni Raine Winstead na ito ang parte ng kuwento kung saan sasabihin ng bidang babae na, ‘Marami na akong nagawang kabaliwan sa buhay ko, pero ang isang ’to ang pinakamalala.’ Kahit kailan ay wala pa siyang ginawang kalokohan. O kahit anong

may kaunting katangahan. And damn it, treinta na siya kaninang umaga, kaninang madaling araw. Kung gusto niyang mag-enjoy kahit katiting, dapat na niyang simulan ngayon.

Kung saan niya huhugutin ang lakas ng loob para ituloy ang planong ito, hindi niya alam. Parang matino naman ang plano habang pinag-iisipan niya iyon maghapon. Ngayong sinusundan niya ang taillights ng pickup ng lalaki, wala na siyang pakialam sa matino. Kung may natitira pa siyang katinuan, bubuwelta na siya ngayon, magda-drive pabalik sa Oakland at magkukunwaring wala siyang nakilalang Jack o John Thomas o kung anuman ang pangalan nito.

“Gagawin mo ’to,” pangumbinsi niya sa sarili. “Maraming babae ang umuuwi sa mga bahay nila na may kasamang estranghero. Kailangan mo ’to.”

Medyo ayaw ng utak niya sa plano subalit walang dudang sang-ayon ang kanyang katawan. According to the self-help books, she’d reach her sexual peak in a couple of years. Dahil lang wala na siyang balak na ma-in love uli—kahit kailan—hindi ibig sabihin niyon ay wala siyang pangangailangan. Balak niyang makontento sa buhay niya, kahit ang kahulugan niyon ay maghanap siya ng kaligayahan sa piling ng

tamang estranghero.

And, oh boy, ang lalaking iyon talaga ang tamang estranghero. Eksperto ito sa paghalik, parang tumutugtog ng instrumento ang mga kamay nito sa kanyang katawan at parang kuryenteng gumuguhit sa likod niya ang malagom nitong boses. Nanginginig ang buong katawan niya sa haplos pa lamang nito. Halos nagmakaawa siya na angkinin siya nito habang nakasandig siya kanina sa puno, tuluyan nang nakalimutan ang condoms na maingat na nakatago sa kanyang purse. Kasama ng canister ng pepper spray.

Kaya niyang ituloy ang plano. Dapat lang, kung hindi ay mababaliw na siya sa pagkabitin.

Tumigil ang sasakyan ni Jack sa isang tahimik na residential street sa isang mahabang driveway. May ilang dipa rin bago lumantad sa kanyang paningin ang bahay—a small Victorian with ornate woodwork and a welcoming light on the front porch. Ipinarada niya ang sasakyan sa tabi ng pickup ng lalaki, pinatay ang makina at pinagmamasdan ang istraktura.

Ang mga lalaking may pangalang Jack ay hindi nakatira sa ganitong klaseng lugar. Nakatira sila sa mga trailers sa labas ng bayan o di kaya ay sa maliliit na apartments na may inaamag na refrigerators. Hindi sila nakatira sa mga bahay na may magagandang

bubong at matitibay na sahig.

Okay na rin. Mas maganda naman ang setting na ito para sa kanyang Project One Night Stand kumpara sa isang jologs na apartment.

Kinuha ni Raine ang kanyang purse, lumabas sa kotse at ini-lock ang pinto. Gentleman pa rin, naroon agad sa tabi niya si Jack. Hinawakan nito ang braso niya at napatalon siya. Sinikap niyang itago ang pagkabigla, halata sa expression sa mukha ng lalaki na napansin nito ang pagkabalisa niya.

“Sigurado ka ba rito?” tanong nito.

“Oo naman.”

Pinagmasdan siya nito. Kahit na malamlam ang ilaw na nagmumula sa front porch, kita niya ang kulay ng mga mata nito. Kapansin-pansin ang pagkaasul niyon—parang batong sapphire. Ang mga lalaking may pangalang Jack ay hindi dapat ganoon kaganda ang mga mata.

“Hindi pa huli para magbago ang isip mo.”

She gave him a pouty smile. Ine-ensayo na niya iyon mula pa nang pagplanuhan niya ang kabaliwang ito. “Ayaw mo ba sa akin?”

“Honey, sa totoo lang wala pa ’kong ginustong

babae nang higit sa pagkakagusto ko sa 'yo ngayon.” Kinuha nito ang kamay niya at inilapat iyon sa harap ng pantalon nito. He was still rock-hard and perfectly huge. Baka kailangang mag-adjust ng katawan niya para ma-accommodate ito, pero kung sa chemistry rin lang, wala silang problema. Nakaka-intimidate man ang lalaki, gusto niya ito.

Dahan-dahan niyang pinisil ito, at naramdaman niya ang pag-ungol ng lalaki mula sa kanyang mga daliri na nakalapat sa dibdib nito. Chemistry.

“Pasok na tayo,” bulong niya.

Iginiya siya ni Jack sa pinto at binuksan iyon gamit ang hawak na susi. Pagdating sa loob, nawala ang anumang pagkailang nang hapitin siya nito at hinalikan nang mariin. Nalaglag ang mga susi nito sa sahig, kasunod ang susi niya at ang kanyang purse.

Hinalikan siya nito, tama lang ang hinahon at bilis para magrigodon ang puso niya sa kanyang dibdib. Bahagyang kinagat nito ang pang-itaas niyang labi, pagkatapos ay pinagpala iyon ng dila. Habang patuloy na nadadarang, unti-unti niyang tinanggal ang suot nito. Una ang jacket, sunod ang shirt. Naipit ang dulo ng shirt sa jeans nito, pero nagawa rin niyang tanggalin iyon sa pagkakaipit pati ang mga butones. Iginala ni Raine ang mga daliri sa

matipunong dibdib ng lalaki. Pinaglaro niya ang mga hinlalaki sa dibdib nito.

Napasinghap ito. “Damn, nag-iinit ako sa ’yo.”

“Alam ko.”

“Napapaso na ’ko, Honey. Makisama ka. Bagalan mo lang.”

“Ayoko.” Diyos ko, wala talaga siyang balak na magmabagal. Simula nang namataan niya si Jack sa *The Dive*, hindi na siya mapakali sa excitement. Aminado siyang may kakaibang karisma ito na nagpasiklab ng init sa kanyang katawan. Nang halikan siya nito sa labas ng bar, tila lalong ginatungan ang apoy na iyon. Baka makapag-isip pa siya kung babagalan niya at, tulungan siya ng Diyos, ayaw niyang magkaideya kung gaano kadelikado itong ginagawa niya. Gusto na lang niyang gawin.

Nagsimulang kumilos ang mga kamay ni Jack. Unti-unti nitong ibinaba ang zipper ng kanyang suot na bestida at tinulungan siyang tanggalin ang kanyang half-slip. Nang mapansin nito na wala siyang suot na panties—bagkus ay retro garter belt lang—napaungol ito.

“Mabuti hindi ko alam ang tungkol dito,” anito, masuyong hinaplos ang kanyang hita. “Nasiraan na

siguro ako d'un sa dance floor.”

Napaungot siya at humilig sa gilid ng pinto para kumuha ng suporta habang naglalakbay ang mga daliri nito palapit sa kanyang pagkababae.

“Mabuti pa tanggalin mo na ’yang sapatos mo,” saad nito. “Kasi palalambutin ko ’yang mga tuhod mo.”

Tinanggal niya ang suot na high heels at nakadama ng panic. Ano, eksakto, ang plano nitong gawin sa kanya? Dumampi ang malamig na hangin sa kanyang balat at mas malamig na pader ang bumati sa likod niya nang muli siyang idiin nito sa gilid ng pinto. Sa kama karaniwang nagtatalik. Ano ba ang plano nitong gawin sa kanya sa malamig na pasilyong iyon?

Nang lumuhod ito at hinapit ang kanyang balakang sa bibig nito, doon niya nalaman ang kasagutan. Kailanman ay hindi niya pinlanong gawin iyon, kahit sa asawa niya, kung magkaroon man. Pero paano niya ito pipigilan? Malayo na ang narating ng plano niya. Huli na ang lahat para umatras.

Inilapat ni Jack ang mga labi sa kanyang pagkababae at natuyo ang lahat ng katinuan, pati na ang panic. Bawal nga siguro ito, pero wala na

yatang mas sasarap pa sa naramdaman niya nang mga oras na iyon. Natagpuan nito ang sentro ng kanyang pagnanasa. Hinagod siya ng bibig nito at nag-iwan ng bakas ng init sa sensitibong bahagi na iyon. Napahilig siya sa sa pader, ipinikit ang mga mata at isinuko ang sarili sa nararamdaman. Narinig niya ang pag-ungol ng lalaki at lalo pa nitong binilisan ang paghagod at paghaplos sa kanyang kaibuturan. Lalo niyang niyapos ang ulo nito gamit ang dalawang kamay para na rin balansehin ang sarili.

Incredible. Unbelievable. Delicious, hot, murderous. Hindi na niya kaya. Kahit isang minuto pa. Pero mamamatay siya kapag tumigil ito.

Napaawang ang bibig niya ngunit walang salitang lumabas. Mumunting pagsinghap lang na bumibilis kasabay ng paggalaw ng dila nito. Kailangan nang tumigil ni Jack bago pa siya mabaliw sa tindi ng pangangailangan niya. Ngunit huli na para pigilan ito. Huli na.

Gamit ang isang daliri, pinasok siya nito inulos nang paulit-ulit. Iiginalaw niya ang mga balakang bilang kasagutan. Halos hindi na niya mapigilan ang sarili. He added a second finger, stretching her, pushing her beyond endurance. Paulit-ulit, habang nagpatuloy ang dila nito sa mahikang nililikha.

Unti-unting nabuo ang tensyon sa katawan ni Raine habang pinagsisikapan niyang huminga. Sa huli, nadala na rin siya. Shock after shock ran through her as she convulsed all around his fingers. Napasigaw siya sa kaligayahan, napaungol at nanghina. Agad na tumayo si Jack at hinila siya sa mga bisig nito, hinayaang makapagpahinga siya. Narinig niya ang mariing pagtibok ng puso nito sa kanyang tainga, halos katulad ng malakas na kabog ng kanyang dibdib.

“Was that good, Honey?” tanong nito.

“Good,” ulit niya, parang puppet, o kung di man tanga.

Umugong ang matipunong dibdib nito sa ginawang pagtawa. “Sabi ko nga.”

Ipinulupot ni Raine ang mga braso sa katawan nito at nangunyapit lang. “Oh my. Oh my, oh my.”

Masuyong hinaplos nito ang likod niya, yakap lamang siya. Hindi inasahan ni Raine ang ganitong paglalambing mula sa isang estranghero na nakilala niya sa bar. Nagsikip ang lalamunan niya at nagbanta ang luha sa likod ng kanyang mga mata. Ano ba ang problema niya?

Hindi siya nagpunta rito para umiyak. Hindi

niya pinlano ang gabing ito—ng thirtieth birthday niya—para humagulgol sa dibdib ng kung sinong estranghero. Walang lugar ang mga luha o ang mga pangamba ngayong gabi. Makapaghihintay ang pagsisisi hanggang bukas. Marami pa siyang kailangang tapusin.

Bago pa makapagdawalang-isip, inabot niya ang zipper ng jeans nito at ibinaba iyon. Nang mabuksan niya iyon, dinala niya ang kamay sa loob upang mahawakan si Jack.

Napasinghap ito sa kanyang kapusukan. “Oh yeah. I’m still there for you. ’Wag mong alalahanin ’yon.”

He’d grown larger, if possible. And harder. Pinoproblema pa rin niya ang laki nito. Pero ang gandang problema.

Hindi talaga pumapatol si Jack Bugalli sa anonymous sex, pero baka ang babaeng ito—si Jane, o kung anuman ang pangalan niya—ang makapagpabago ng isip niya. Hindi siya nagpakatanga kahit kailan para lamang makaiskor sa kahit na sinong babae. Mabuti na lang binilhan siya ng mga kaibigan niya ng isang kahon ng condoms bilang

pang-asar noong araw na iwan siya ni Faye Bugalli sa korte. Wala siyang ibang naisalba kundi ang bahay na nire-renovate niya para sana sa masayang buhay nilang magkasama. Huwag nang isali ang kalahating milyong dolyar na utang. Pero sino ba ang nagbibilang?

Gusto niyang makaiskor ngayong gabi at kailangan niya ng condoms. Ganoon na lang ang pagkagulat niya nang buksan ng babae ang purse nito at naglabas ng ilang pakete.

Kinakabahan na nginitian siya nito nang iabot ang mga iyon sa kanya. “I hope okay lang sa ’yo.”

“Bakit hindi magiging okay?”

Nagkibit-balikat ito. “Wala akong ibang ibig sabihin tungkol sa ’yo, or...well, alam mo na.”

Naglakad siya patungo sa bedside table at binuksan ang drawer para kunin ang kahon. “Gamitin natin iyang tatlong hawak mo, tapos ’yong akin naman.”

Namilog ang mga mata ng babae. Sa totoo lang, napansin niyang madalas nitong gawin iyon—ang magmukhang gulat at medyo takot. Ngunit sa oras na hawakan niya ito, parang apoy iyong natutunaw. Kailangan niyang malaman mamaya kung bakit. Sa

ngayon, si John Thomas lang ang nag-iisip para sa kanya. Hindi nakakatulong sa kanyang pag-iisip ang hitsura ni Jane na nakatayo sa gilid ng kama na ang suot lang ay nylons, garter belt at isang maliit na push-up bra.

“May isang problema lang ako,” aniya.

Napalingon ito. “Ano ’yon?”

“Dito ako nakatayo at nandiyan ka sa malayo.”

Nginusuan siya nito. It got less and less convincing every time she did it.

“Saan mo ba ako gusto?” tanong nito.

“Okay sana kung sa kama.”

Inabot nito ang front clasp ng suot na bra. “Tatangalin ko ba dapat ito?”

“Ako na ang bahala diyan.”

Tinungo nito ang kama at humiga roon, nakasabog ang pula nitong buhok sa punda. Pinanood siya ni Jane habang hinuhubad niya ang suot na sapatos at medyas. Tumayo siya para tanggalin ang kanyang jeans at shorts. Nang humarap siya sa babae na walang anumang saplot, napasinghap ito. Baka sa takot. Baka sa paghanga. John Thomas had done

himself proud.

Umupo si Jack sa tabi ng babae at masuyong hinaplos ang pisngi nito. “May oras pa para magbago ang isip mo. It’ll kill me pero pakakawalan kita kung iyon ang gusto mo.”

Hindi ito sumagot, bagkus ay inabot ang kahon sa mesita at kumuha ng isang condom at ibinigay sa kanya. “Gamitin natin ’yong sa ’yo.”

“Now you’re talking.” Binuksan niya ang isang pakete at isinuot iyon. Halos mabaliw siya sa contact lang na iyon.

Kinabig niya ito. Walang pag-aalinlangan itong tumugon at inumpisahan niya paghalik sa mga labi nito.

Mabilis itong nag-alab, umungol ito sa kanyang bibig. Kumiskis ang tela ng bra nito sa kanyang dibdib. Tinanggal niya ang pagkaka-clasp ng panloob at yumuko upang isubo ang isang tuktok ng dibdib nito. Iniarko ng babae ang likod, ibinibigay ang sarili.

Tumigil siya panandalian para tanggalin ang straps at ihagis ang bra nito sa kabilang dulo ng kuwarto. Sa wakas, lumipat siya sa kabilang dibdib, habang hinahaplos ang isa pa.

“Oh,” bulong ni Jane. “That feels so good.”

Gamit ang mga labi, sinamba niya ag bahaging iyon. “You have beautiful breasts.”

“Maliit.”

“Maganda. Lahat sa 'yo maganda.”

“Hindi mo kailangang sabihin 'yan.”

“Sinasabi ko lang ang totoo,” sagot niya.

Nang hindi ito tumugon, inumpisahan niyang alisin ang suot nitong stockings. Matapos kalagin ang isang set ng garters, ibinaba niya iyon mula sa hita nito, patungo sa binti at paa nito. Inulit niya ang prosesong iyon sa kabilang binti nito, masuyong pinaglakbay ang mga daliri pataas at pababa sa hita nito hanggang sa mamilipit ang babae sa bawat haplos niya. Isang saplot na lang at maibibigay na niya rito kung ano ang parehong kailangan nila.

Kinalag niya ang garter belt at dahan-dahang hinila iyon mula sa ilalim nito. Matapos ang isang minutong pagsamba ng mga mata nya sa katawan nito, sinalo niya ang pagitan ng mga hita nito. Ginamit niya ang mga daliri upang ihanda ito sa kanyang pag-angkin.

Napaangat ang baywang ni Jane mula sa kama

at masuyong siyang niyaya na ipagpatuloy ang ginagawa. Lalo tuloy nag-alab si Jack, hinagod niya ang kaibuturan nito gamit ang mga daliri.

Napasinghap ito nang mariin sa kanyang ginawa. "Please. Now. Oh please."

Hindi na siya nagpatumpik-tumpik pa. Ipinosisyon niya ang sarili sa ibabaw nito at dahan-dahang gumiya papasok sa loob nito. She was tight. So tight she gripped him like a fist. Kinagat niya ang labi, ipinaglalaman ang kontrol habang mabagal na gumagalaw. One agonizing inch at a time.

Walang ibang babae ang nakapagpadama sa kanya ng ganitong kaligayahan, kahit ang dati niyang asawa. So hot, sweet, wet and tight. Gumalaw siya; mabagal noong una at naging mahaba at malalim ang mga ulos.

Ipinulupot nito ang mga binti sa kanya, itinaas ang balakang at sinabayan ang bawat galaw niya. Tuluyang napigtal ang kontrol niya at sumuko siya sa pagnanasa—pure, animal lust. The Big O was just a minute away and man, it was going to be a beaut.

Naghintay siya nang mahabang sansaglit hanggang sa yanigin ng reaksyon ni Jane ang katawan niya. Ibinaling nito ang ulo at napasigaw

Can't Hide Love - Alice Gaines

nang maabot ang sukdulan. His shouts joined hers as he spilled his essence into her in scalding waves. Isang beses, dalawa at minsan pa.

Sa wakas ay bumagsak siya sa tabi ng babae. Tinanggal niya ang suot na condom at hinapit ito sa kanyang dibdib.

Pagkuwa'y hinaplos nito ang kanyang mukha. "Jack?"

"Later, Honey," bulong niya. "Hindi pa ako masyadong makapagsalita."

"Later," ulit nito bago siya tuluyang nakatulog.

2

Halos maamoy ni Raine ang testosterone. Sumigid iyon sa loob ng kanyang maliit na opisina dala ng mainit at baritonong halakhak. May kasamang ugong ng atensyon mula sa babae. Sinundan iyon ng mga hagikgik—kay Steph iyon, ang sekretarya ng physician-in-chief, at kay Blanche. Sa telecommunications na ilang palapag sa ibaba nagtatrabaho ang huli, pero gagala ito sa buong ospital kapag may guwapong lalaking nagbibigay ng tamang motibo. May pinagkakaguluhan ang mga sekretarya. Lalaki.

Isinasantabi niya ang spreadsheets na kanina pa niya pinag-aaralan at tumayo mula sa kinauupuan. Lalong lumakas ang malalim na boses ng lalaki habang palapit siya sa pinto ng kanyang opisina. Napatigil siya bigla. Parang may kung anong pamilyar sa boses na iyon. Something about a darkened room and sinfully delicious sex. Malabong mangyari iyon.

Tahimik siyang lumapit sa nakaawang niyang pintuan at sumilip sa labas. Napasinghap siya sa nakita at napaatras. Nakaupo sa dulo ng mesa ni Steph, na para bang pag-aari nito ang lugar, si Jack o John Thomas—si Mr. Project One-Night Stand mismo.

Saang lupalop ito nanggaling?

Mahinang isinara ni Raine ang pinto at bumalik sa kanyang mesa. Huminga siya nang malalim at sinubukang pakalmahin ang tibok ng puso. Matapos ang dalawang linggo, hindi pa rin niya magawang kalimutan ang lalaki, pati na ang pinagsaluhan nila nang gabing iyon. Para bang tumatak ang bawat haplos nito sa kanyang balat. Ngayong natagpuan niya ito muli, halos maghumiyaw ang kanyang katawan sa atraksyon na nararamdaman.

Iniangat niya ang telepono at pinindot ang numero para sa extension ni Steph. Nag-ring ang telepono sa pasilyo at sumagot ito, “Dr. Endler’s office.”

“Steph, puwede bang pumunta ka muna rito, please?”

“Raine, ikaw ba ’yan?”

“Wag mong sabihin ang pangalan ko,” aniya. “Don’t say anything, please. Lalo na ang pangalan ko.”

Katahimikan. “Okay ka lang ba?”

“Please, punta ka na lang dito.”

Naputol ang kabilang linya at may kumatok sa pinto. Hindi siya sumagot sa halip ay hinintay na

lang na bumukas iyon at pumasok sa loob si Steph.

Sinenyasan niya itong lumapit at isara ang pinto sa likuran nito. “Sino ba ang lalaking iyon?”

“Sino? Si Jack?”

“Yung lalaki sa desk mo.”

“Si Jack. Jack Bugalli.”

So Jack talaga ang pangalan niya. Wala siyang dahilan para pagdudahan ito pero kahit na... anonymous dapat ang namagitan sa kanila. Subalit ngayon bumalik ito sa buhay niya, at sumisigaw ang init sa kanyang katawan na gusto niya—hindi, kailangan niya—ng higit pa. Magkukulong muna siya sa opisina niya hanggang sa makaalis ito.

“May problema ba, Raine?” tanong ni Steph. “Medyo namumula ka.”

“Wala ’to. Sino si Jack Bugalli?”

“Nga pala. Nakaalis na si Jack bago ka nagtrabaho dito. Dati siyang nasa construction services bago siya nagtayo ng sarili niyang kompanya.”

“Tumira siya sa Napa?”

“Oo, palagay ko,” tugon ni Steph. “Teka, kilala mo ba siya?”

Hah, kilala ba niya? Matapos ang gabing iyon, sabihin nang maikli lang, ay malaking bagay na para makilala ang sinuman. Hinayaan niya itong hawakan ang lahat ng parte ng kanyang katawan, halikan ang kalagitnaan niya, siyempre kilala niya ito. Tumanggap siya ng unimagivable orgasms mula sa lalaki, oo, puwede ngang tawaging pagkakakilala iyon. In the most Biblical sense and beyond.

Nakarinig sila ng tawanan ng mga babae sa labas kahit nakapinid nang maigi ang pinto. Nagtungo muli si Raine sa pinto at binuksan iyon nang bahagya.

Nakaharap man palayo sa kanya ang lalaki—si Jack—hindi niya maiwasang hindi makilala ang katawan nito. Kahit sa suot na suit, imbis na jeans at cotton shirt, pamilyar ang lapad ng mga balikat at hubog ng likod nito.

Isinara niya ang pinto at sumandal doon. “Sabihin mo sa ’kin lahat ng alam mo tungkol sa kanya.”

“Lahat?” ulit ni Steph.

“Lahat.”

“Let’s see. Sweet si Jack, pero medyo traditional.”

“Paanong traditional?”

“Tungkol sa pakikipag-date, gan’un.” Nagkibit-

balikat ito. “Kayang-kayang makuha ni Jack ang kahit na sinong babae kung gugustuhin niya, pero ayaw niya ng sex na walang commitment.”

“Paanong ayaw?” untag niya.

“Hindi niya trip. Ang weird, di ba?”

Weird nga. Pero mukhang nagustuhan naman nito ang nangyari sa kanila dalawang linggo na ang nakakaraan.

“Isa pang bagay tungkol sa kanya magaling daw siya sa kama,” dagdag pa ni Steph.

Kulang iyon. “Paano mo naman nalaman ’yan kung traditional siya? Hindi naman siguro niya ipinagkalat?”

“Gosh, no. Pero may naging girlfriend siya sandali. Si Janice Wilkes. Nakakabuwisit ’yung ngisi sa mukha niya pag naglalakad siya. Asar kaming lahat sa kanya.”

“Oh, iyong ganoong klaseng ngisi.”

“Tapos maya’t maya maghihikab. Na para bang buong magdamag siyang gising.”

Hindi malayo iyon. Magdamag din siguro siyang gising kung di siya tumakas bago nagising si Jack.

Hindi pa siya pinapatawad ng katawan niya dahil sa pagtakas niyang iyon. Sa katunayan, patuloy siyang pinapahirapan ng mga panaginip—umaga’t gabi—kung gaano pa siya napaligaya ng lalaki kung nagtagal lang siya sa bahay nito.

“Ayaw rin namang magkuwento ni Janice,” patuloy ni Steph. “Ang nakukuha lang namin sa kanya, eh, ‘hummm, BAYbee’.”

“Nakakainis nga iyon,” ani Raine, habang ang bawat himaymay ng katawan niya ay napa-’hummm, BAYbee’ na rin.

“Walang biro. Lahat kami handang ibigay ang pension namin para sa isang gabi kasama si Jack Bugalli, ’tapos ‘hummm, BAYbee’ lang ang sasabihin niya.”

“So ano’ng nangyari?”

“Nag-break lang sila,” sagot ni Steph. “Gusto yata ni Jack ng lima o anim na anak.”

“Traditional nga.”

“Mas interesado si Janice sa sex kaysa sa mga chikiting. Nagpakasal si Jack sa iba at umalis para magtayo ng sarili niyang kompanya.”

“Nagpakasal?” Napasalampak si Raine sa pinto.

“May asawa na siya?”

“Teka, may problema ba?” tanong ni Steph.
“Bakit interesado ka? May relasyon ba kayo?”

“Wala!” May nangyari nga siguro sa kanila ni Jack Bugalli. Maaaring ibinigay ng lalaki ang best sex ng buhay niya, pero wala siyang kaugnayan dito.
“Gusto ko lang malaman, okay?”

“Nag-divorce sila kailan lang.”

“Sigurado ka?”

“Ray-ne,” sita ni Steph.

“Sigurado ka ba talaga?” ulit niya.

“May contact pa rin sila n’ung ilang kasamahan niya sa construction. Divorced na siya.”

Mabuti naman kung ganoon. Ang pakikipag-sex sa isang may asawa na, anonymous man at one-night stand, ay mali pa rin sa bokabularyo ni Raine. Maling-mali. “So ano’ng ginagawa niya ngayon dito?”

Nagkibit-balikat si Steph. “May meeting yata siya kasama si Dr. E.”

“Kailan?”

Sumulyap si Steph sa relo nito. “Ngayon na.”

Napatingin si Raine sa sariling relo. Eleven a.m. Sakto sa meeting ng hospital employee childcare task force. At kasama siya sa meeting na iyon.

“Di ba sabi mo may sarili siyang business?”

“Ang balita ’yung pamilya ng asawa niya ang nag-finance n’un,” sagot ni Steph.

“Anong klaseng business?”

“Construction yata. Karpintero si Jack.”

Kasali sa meeting ang contractor na napili upang magtatayo ng childcare center. Ano ba ang pangalan ng kompanya? Nablangko ang utak ni Raine. May pagka-ethnic ang pangalan ng kompanya—Latino palagay niya. Pero baka Italian. “*Bugalli Construction.*”

“Oo, ’yon nga.”

Oh no. Bumulusok ang kanyang sikmura at bumilis ang pulso.

May kumatok sa pinto at iniluwal niyon si Dr. Steven Endler, ang Physician-in-Chief ng *Oakland Memorial Hospital*. “Let’s get this show on the road. You coming, Raine?”

Binuksan nang maigi ni Dr. E ang pinto. Nagkataong dumaan si Jack Bugalli at nakita siya.

Namilog ang asul nitong mga mata at napaatras na parang may sumuntok dito sa sikmura.

“Jane?” anito.

“Raine,” pagtatama niya.

“Good, good,” ngiti ni Dr. Endler. “Magkakilala na pala kayo.”

Oh boy, kung alam lang nila.

Jane. Ngayong nahanap na niya muli ito, paano ba niya ito uunawain? Nang makilala niya ito sa *The Dive* nang gabing iyon, para itong natunaw na lava, ngayon para itong nagyeyelong tubig. Jane had gone off like a firecracker. Pero si Raine Winstead, MBA—ayon sa badge nito—was as uptight as they came. Problema lang, nagawa na naman nitong gisingin si John Thomas. Kaya kailangan niyang tiisin na umupo roon at panoorin ang mahahabang legs ng dalaga na magkrus maya’t maya. Lalo tuloy siyang nag-iinit sa bawat minuto. Mabuti na lang at medyo maluwag ang kanyang suit pants dahil kung hindi, kanina pa nakahalata si Dr. LaTreese Dupree.

Damn, but the woman had made him hard. Kailangan niya ngayong i-distract ang sarili kung

balak niyang tumagal sa meeting.

Walang nagbago kay Dr. Endler sa mga taon na wala siya sa *Oakland Memorial*. Siguro nga medyo nabawasan ang ang buhok sa palibot ng nakakalbo nitong ulo. Pero naroon pa rin ang masiglang tawa at ang kakaibang husay nito sa negosyo pati na sa larangan ng medisina. Maaaring kinuha nito ang kompanya niya para itayo ang bagong childcare center dala ng loyalty sa isang dating empleyado. Pero alam din nito ang husay niya na pasok pa sa budget ng hospital, na nagbigay sa kanya ng trabaho noong nag-uumpisa pa lang siya.

Si Raine Winstead, MBA. Ano kaya ang nasa isip nito? Ano ang nasa likod ng ngiting nakapaskil sa mukha nito? Ano ang nangyayari s ilalim ng mga damit nito?

Binigyan ni Dr. E I'm-in-charge-here na ngiti ang mga administrators. "Kilala ninyo na siguro si Jack Bugalli ng *Bugalli Construction*."

Umugong ang pagsang-ayon sa buong silid.

"Gaya nga ng napag-usapan natin n'ung last meeting, ang kompanya ni Jack ang mamamahala sa paggawa ng bagong childcare center."

Bahagyang napasinghap si Raine Winstead.

Bahagya lang dahil wala halos nakapansin. Ngunit pansin ni Jack ang bawat galaw nito—mula sa kung paano nito kagatin ang labi hanggang sa kung paano ito gumalaw sa kinauupuan. Para iyong sayaw na puwede nitong gawin sa kandungan niya kahit kailan nito gustuhin. Hell, kailangan niyang rendahan ang pag-iisip.

“Bihira tayong makakahanap ng isang contractor na kasing-galing ni Jack,” ani Dr. E. “Welcome aboard, young man.”

“Salamat po, Sir.”

Tiningnan siya ni Raine Winstead na para bang nasusuka ito, na tila ba na-trap sa isang lugar kung saan naligaw ito. Tiningnan niya ang babae pabalik. Siguro naman ay sapat na iyon para makumbinsi ito na wala siyang balak ibunyag sa mga hospital administrators na nagpunta ito sa isang bar nang walang suot na panties at naghahanap ng good time. Pero mamaya niya sisiyasatin iyon kapag napag-isa na sila. Nginitian niya ang babae para ipaalam dito na mapapag-isa sila, malapit na.

Tumikhim si Raine. “Alam mo na ang seismic safety requirements namin,” sabi nito. “At ang disabled access regulations.”

“Hindi ako nagbi-bid sa isang trabaho na hindi ko naiintindihan,” sagot niya, at tinitigan ito hanggang sa muli itong gumalaw sa kinauupuan.

“Dating nasa construction services natin si Jack,” ani Helen Soohoo. “Kabisado niya ang mataas na standards natin.”

“Kailan ka puwede magsimula?” tanong ni Dr. Endler.

“Kapag natanggap ko na ang deposito sa trabaho, madali na akong makakabuo ng crew para makapag-umpisa.”

“Mga ilang linggo pa, kung ganoon?” tanong ni Dr. Dupree.

“Mas madali kung may tseke na,” tugon ni Jack.

Nagtawanan ang mga naroon sa meeting pero hindi kasali si Raine. Sinasabi ng ekspresyon sa mukha nito na naaliw ito sa kanya pero nagagalit ito sa sarili dahil doon. *Tingnan natin.*

“May mga tanong pa ba?” ani Dr. Endler.

“Isa lang,” sabi ni Raine. “Bakit ako naimbitahan dito sa meeting?”

“Good one,” sagot ng doktor. “Ngayong naayos

na ng committee ang groundwork para sa center, sa 'yo na namin ipinaubaya ang day-to-day implementation nito.”

Parang nabilaukan ang dalaga. “Sa 'kin?”

“Sobrang detalyadong project ito,” ani Dr. E. “Kailangan natin ng isang tao para mag-coordinate.”

“It's an honor, of course, pero baka merong iba na...”

“Walang iba na kasing-detalyado mo, Raine,” sabi ni LaTreese Dupree.

“You'll do an excellent job,” dagdag ni Dr. E. “Inaasahan ka namin.”

“Salamat,” mahinang sagot ng babae, pero wala sa boses ang pagpapasalamat. Not one bit.

“Good. Good.” Tumayo si Dr. Endler, gayundin ang mga miyembro ng committee. Nginitian ni LaTreese si Raine at kinamayan si Jack. Tiningnan siya ng doktora na para bang nabasa nito ang iniisip niya may ilang minuto na ang nakalipas. “Good to see you again, Jack.”

“You, too, Dr. Dupree.”

Tumawa si LaTreese at umalis ng meeting room,

kasunod ang iba pa. Naglakad si Raine para lampasan siya pero nahablot niya ito sa baywang at agad itong hinapit.

“Iniwan mo ako n’ong isang gabi,” aniya. “Bakit ka umalis?”

“Hindi ko puwedeng sabihin dito,” sagot nito.

“Fine. Pumunta ka sa bahay mamaya at mag-usap tayo.”

Kumawala ito sa kanya at napaatras ng ilang hakbang. “Hindi ko rin puwedeng gawin ’yan.”

“O sige. Ibigay mo sa akin ang address mo at magdadala ako ng takeout para makapag-dinner tayo at makapag-usap nang maayos.”

“Hindi mo naiintindihan.”

“Oh, maniwala ka, naiintindihan ko. Hindi ko lang gusto ang bagay na naiintindihan ko. Ginamit mo ako para sa isang gabi ng anonymous sex.”

Napahalukipkip ito. “Puwede ba.”

“Ginamit mo ako.” Tumigil na si Jack bago pa niya maidugtong, *’Tapos ibinasura mo ako.* Sobrang tunog soap opera na siya.

“Iyon ang gusto ng mga lalaki,” saad nito.

“Ano? At sino’ng nagsabi sa ’yo niyan?”

“Lahat. Mga lalaki ang nagsabi sa ’kin n’un.”

“BS,” sagot niya.

Inalis nito ang mga bisig sa harap ng dibdib at namaywang. “Oh, so hindi puno ang men’s magazines ng tips kung paano makaiskor sa mas maraming babae?”

Puwede, pero pictures lang naman ang tinitingnan ng mga lalaki roon. Kahit na, hindi niya kailangang aminin iyon. “May mga movie reviews at interviews din d’un.”

“Right,” tugon ni Raine. “At karamihan sa mga lalaki gusto ng commitment, lalo na sa first date?”

Isiniksik niya ang mga kamay sa bulsa. “Minsan.”

Pinaikot nito ang mga mata.

“There’s men and then there’s men. Iyong iba sa ’min hindi lang ’yon ang gusto sa isang babae.”

“Such a delicate creature. Hindi n’yo puwedeng ibigay ang katawan nang hindi kasama pati ang puso?”

“Mas bagay sa ’yo ’yung maikli mong bestida kaysa sa tono mo ngayon.” O iyong garter belt.

Babaunin ni Jack sa hukay ang alaala ng garter belt na iyon.

“Sorry.” Huminga ito nang malalim. “Saka ikaw kaya ang nagsabi sa ’kin na gusto mo ng anonymous sex.”

Di makapaniwalang napatitig siya sa dalaga. “Kailan ko sinabi iyon?”

“Hindi mo sinabi sa salita.”

“May alam kang ibang paraan para sabihin ang isang bagay?”

Iniangat nito ang baba. “You let me pick you up in a bar. Alam mong peke ang pangalan ko. At nang matapos ka sa ’kin, tinulugan mo na lang ako. Sounds like anonymous sex to me.”

Hell. Tinakasan siya nito pagkatapos sumiping sa kanya, ngayon ito pa ang nananalo sa usapan. Siya ngayon ang napabuntong-hininga. Tahimik siyang nagbilang hanggang sampu.

“Hindi ko sinasadyang gawin ’yon. Natakot siguro kita.”

Binigyan siya nito ng tingin na nagsasabi kung gaano nakakatakot ang ginawa niya.

“Hell, inaasahan kong nand’un ka pa rin paggising ko,” dagdag ni Jack. “At hindi lang basta sex ’yon.”

Tiningnan siya ni Raine mula sa gilid ng mga mata nito na para bang inaasahan na pawang kasinungalingan ang sunod na lalabas sa bibig niya. “Talaga?”

“Talaga. It was incredible sex. Unbelievable sex. Once-in-a-lifetime sex.”

“Sabi ko nga. Sex lang.”

“Hindi dapat gan’un ang dating n’un.”

Hindi nagsalita ang dalaga, tiningnan lang siya na para bang ang laki niyang tanga. Siguro nga. Sobrang ginulo nito ang utak niya noong isang gabi at simula noon hindi na siya nakapag-isip nang maayos.

Nagbilang siya mula sampu pababa. “Ang ibig kong sabihin, nilindol mo ang mundo ko. Palagay ko nayanig ka rin.”

“Puwede na,” tugon nito.

“Puwede na?”

“Sobrang puwede na. Okay, it was incredible sex.”

“Ang sex, sharing na kagaya n’un ay hindi

madalas natatagpuan ng dalawang tao.” Hell, minsan na siyang ikinasal at hindi niya naranasan ang ganoon katinding sex. And yes, sharing too. “Mahalagang regalo iyon na di puwedeng basta balewalain.”

“Hindi ko alam ang tungkol diyan,” sabi nito.

“Alam ko. Utang natin sa sarili natin—sa isa’t isa—na alamin kung suwerte lang ba ang nangyari o kung puwede pang maulit iyon. At hindi lang isang beses, kundi paulit-ulit. Hindi ako susuko, Raine.”

“Tama ka.”

Nawala ang sasabihin ni Jack. “Tama ako?”

“Kailangan nating mag-usap.”

That was some progress. Sort of. “Your place or mine?”

“Ayokong mag-drive pauwi galing Napa, may pasok pa bukas.” Yumuko si Raine sa mesa ni Dr. E para magsulat sa kapisrasong papel. Nang iabot nito iyon sa kanya, nakita niya ang address sa Bellevue.

“Puntahan mo ako mamaya pagkatapos ng trabaho at mag-usap tayo.”

Tama. Magdadala rin siya ng isang bote ng alak at takeout. At hindi lang usap ang gagawin nila.

Bellevue, huh? Alam ni Jack base sa address na sa high-rent area nakatira si Raine, pero hindi niya pa rin inaasahan ang nakita.

May garden center, band shell at mga amenities ng isang urban park. Sa di-kalayuan, may ilang magagarang mansion at pambabaeng athletic club na halatang pang-mayaman.

Umupo si Jack sa isang upholstered bench, lumalamig ang dala niyang hapunan habang hinihintay niya si Miss Winstead na makauwi at sabihing maari na siyang umakyat sa bahay nito.

Dumating din ito sa wakas at tuluy-tuloy sa lobby gamit ang sariling susi. Sumulyap si Jack sa relo. Seven-fifteen.

“You work late,” aniya.

“Marami akong kailangang gawin sa opisina.”

“Kanina pa ho kayo hinihintay ni Sir.” Parang may pang-uuyam sa pagkakasabi ng security guard ng ‘Sir’. “Natural, hindi ko pinaakyat hangga’t wala kayo.”

“Salamat, Horace. Ako na ang bahala rito.”

Cute. Very cute. Na para bang delivery boy siya. Sa kabila noon, tumayo pa rin si Jack at sinundan si Raine sa elevator. Pagpasok nakita niyang pinindot nito ang sixteenth floor button. Malala kung pinindot nito ang P for penthouse.

Sinipat nito ang dala niyang paper bag. “Ang bango niyan, ah.”

“Everett and Jones. I got a little of everything.”

“What level hot sauce?”

“Medium.”

“Wag kang mag-alala. Meron ako n’ung hot hot sauce nila sa ref.”

“At dahil diyan, kailangan ko ng beer,” sabi niya. Iyon ay kung nagpapapasok sila ng beer sa ganitong klaseng lugar.

“Meron yata ako n’ung special pale ale galing sa isang microbrewery,” imporma nito.

“Hindi nakapagtataka,” bulong niya sa sarili.

“Excuse me?”

“Ang sabi ko mas okay iyon kaysa sa wine na dala ko.”

Tiningnan siya nito na para bang nahihibang siya. “Wine with barbecue?”

“Sabi ko nga.”

Bumukas ang elevator at iginaya siya ng dalaga sa isang malawak na hallway. Hinalughog nito ang bag para kunin ang susi. Pero bago pa nito nailagay ang susi sa lock, tumagilid ang bag nito at may ilang gamit na nalaglag. Ilang ballpen, isang lipstick and—what the hell?—isang lata ng pepper spray? Yumuko siya at kinuha iyon. “N’ung isang gabi, noong nandoon ka sa bahay ko, dala mo ba ’to?”

Pinihit ni Raine ang susi sa lock at binuksan ang pinto. “Mahalaga pa ba ’yon?”

“Siyempre.”

“Bakit?” tanong nito nang pumasok sa loob ng apartment at iniwan siyang nakatitig sa likod nito.

“Bakit?”

Binuksan nito ang light switch makapasok sa pinto. “Oo, bakit?”

“Gagamitin mo ba ’yon sa ’kin?”

“Kung kinakailangan.”

“Wala ka naman sigurong baril diyan?” asik ni

Jack.

“Wag ka ngang praning.” Ibinaba nito ang bag sa isang mesa.

Ang galing. Ang galing lang. Ang iniisip lang niya ay kung paano ito paliligayahin nang gabing iyon, iyon pala may dala itong pepper spray. Pinaligaya rin siya nito nang higit pa sa naranasan niya kahit kailan, pero hindi niyon nabago ang katotohanan na wiwisikan siya nito ng pepper spray ‘kung kinailangan’.

“Ibang klase kang babae, alam mo ba ’yon?”

Ilang ilaw pa ang nabuksan. “I just love the sound of the wounded male ego.”

“Ito lang ang masasabi ko,” sambit niya at natigilan nang mapagmasdan ang apartment sa unang pagkakataon.

Lahat ng bagay roon ay sumisigaw ng yaman. May tila museum pieces na naka-display. Kahoy ang sahig na natatakpan ng Oriental carpet na kasinlaki ng kuwarto. May dials at gauges sa babasaging lalagyan sa sulok na nagsasaad ng kontroladong temperatura para sa dose-dosenang namumukadkad na orchids. May mga paintings na tubog sa ginto ang kuwadro.

Pinagmasdan siya ng may-ari ng lahat ng

mamahaling bagay na iyon mula sa pintuan ng dekalidad na kusina. “Ano’ng s’abi mo?”

“Ha?”

“Ano ’yung sasabihin mo?”

“Tama.” Tinungo ni Jack ang floor-to-ceiling na mga bintana kung saan tanaw sa balkonahe ang kakaibang view ng Lake Merritt. Nabuhay ang mahabang kuwintas ng ilaw na nakapalibot sa lawa at naging kaakit-akit ang lugar.

Damn it all to hell. Saksakan ng yaman ang babaeng ito.

“Well?”

Hinarap niya si Raine. “Ano’ng lahat ng ’to?”

“Dito ako nakatira.”

“Pero bakit?”

“Everyone has to live somewhere.”

Huminga siya nang malalim. “Bakit kailangan mo pang pumunta sa *The Dive* para makahanap ng lalaki kung nandiyan naman ang country club?”

Humalukip ang dalaga. “Alin, ’yung tennis pro o ’yong pool boy?”

“Kahit sino,” kibit-balikat ni Jack. “Isa sa mga members.”

“Ayoko sa country clubs.”

“Bakit nag-abala ka pang magmaneho nang forty miles papuntang Napa?”

“Obvious naman ang dahilan.”

Walang obvious pagdating kay Raine Winstead. Naguguluhan siya sa babaeng ito. “Bakit ka pa naghanap ng lalaki kung masyado ka namang takot at kailangan mo pa ng pepper spray para maramdaman mong ligtas ka?”

Bumuntong-hininga ito. “Siguro kailangan ko ngang magpaliwanag sa ’yo.”

“Dapat lang.”

“Fine.” Tumalikod ito at naglakad patungo ng kusina. “Dalhin mo ’yang barbecue, unless gusto mong hawakan iyan buong gabi.”

3

Aminado si Raine, ang cute ni Jack Bugalli kapag ganoong naguguluhan ito. At dahil na rin sa dala nitong four-way *E&J's*—huge portions of ribs, chicken, beef, at ang paborito niyang homemade smoked sausage. Inilagay niya ang dalawang bowls ng potato salad sa butcher-block table. “Kuha ka ng upuan diyan.”

Kumuha ito ng dalawang upuan at pinagdikit iyon para magkatabi sila. Inabot ni Raine ang ilang kubyertos at napkin at binuksan ang freezer para kunin ang dalawang hand-blown, frosted glass mugs. Tumaas ang kilay ni Jack nang makita iyon. Halatang hindi ito komportable sa mga mamahaling bagay.

“So,” anito. “Umpisahan natin sa paliwanag mo.”

“O sige, iyong madaling parte muna. Naghanap ako ng lalaki sa Napa kasi ayokong may makakita sa akin na kakilala ko.”

“May katuwiran ka.”

Binuksan niya ang refrigerator at nakita ang dalawang bote ng serbesa. Binigay niya iyon kay Jack at sinubukan nitong buksan iyon gamit ang kamay.

“Hindi ganyan.” Hinila niya ang drawer sa mesa at iniabot dito ang bottle opener.

“I see.” Binuksan nito ang dalawang bote at binigay sa kanya ang isa. Tinungga nito ang hawak, sinadyang hindi gamitin ang baso na inilabas niya. Ibinuhos ni Raine ang serbesa sa sariling baso.

“Akala ko malayo na ang Napa para hindi ko na makita muli ang lalaking iyon,” aniya. “Obviously, mali ang kalkula ko.”

“Wala naman sa ibang planeta ang Napa,” tugon nito. “S’abi ko nga, mali ang kalkula ko.”

“Okay, punta tayo sa mas komplikadong tanong,” sabi nito. “Bakit kailangan mong maghanap ng lalaki?”

Biglang tumunog ang microwave. Ginamit niya ang pagkakataong iyon para iwasan ang titig ni Jack at para hindi nito makita ang pamumula ng kanyang mga pisngi. Matapos ilagay ang barbecue sa mesa, binuksan niya ang cabinet para kumuha ng mga plato.

Sumimangot si Jack nang ilapag niya iyon sa mesa. “Porselanang plato para sa barbecue?”

“Ano ba ang iniisip ko?” sabi niya, at itinulak bahagya ang mga plato sa kabilang dulo ng mesa.

Hinila rin niya ang upuan ilang pulgada palayo sa puwesto nito.

“Raine?” ani Jack. “O dapat ba Jane ang itawag ko sa 'yo?”

“Kalimutan mo na si Jane, please.”

“Never,” tugon ng lalaki. “Hindi mangyayari 'yon.”

May kakaiba siyang naramdaman sa mga salitang iyon. Kaba, katulad sa unang bagsak habang sakay sa roller coaster. Muli siyang tumayo at tinungo ang ref.

“Ano'ng ginagawa mo?” tanong ni Jack nang buksan niya ang pinto ng ref at sumilip sa loob.

“Hot sauce.”

“BS,” tugon nito.

“Hindi nga.” Nakita niya ang lalagyan ng *E&J* hot sauce at isinara ang pinto ng ref. “Kita mo?”

“Ang nakikita ko lang ay ang parati mong pag-iwas sa 'kin tuwing lalapit ako sa 'yo.”

Inilapag niya ang sauce sa mesa. “Wag ka ngang sira diyan.”

“Sira pala, ha?” Hinila nito ang upuan niya

pabalik kung saan nito unang inilagay iyon—isang piye lang ang layo mula sa upuan nito. “Maupo ka.”

Tumitig siya sa silya, pagkatapos ay sa mukha ng lalaki. Napakayabang nito sa pagkakaupo, para bang hinahamon siya na lumapit dito. As if matatakot siya ng tipo ni Jack Bugalli. Hah! Gusto lang niya iyong malayo, iyon lang. Uupo siya, sige, para ipakita rito na hindi siya nito kayang sindakin.

Nang gawin niya iyon, humilig ito papalapit sa kanya hanggang sa halos dumikit ang ilong nito sa mukha niya. Bigla siyang nahumaling sa kulay asul na mga mata nito at sa matinkad nitong balat. Oh no. Oh no, no, no.

“Hindi ba tayo kakain?” tanong niya.

Imbis na sumagot, lalo pa nitong isinara ang natitirang distansya sa pagitan nila. “Ito ang problema natin.”

“Anong problema?” untag niya, nakalimutan na ang pagkain.

“Mayroong nangyayaring maganda sa ating dalawa pero gusto mo’yung itanggi.”

“BS,” giit ni Raine. Sana lang maulit niya iyon nang mas may diin.

“Come on, Honey. Nag-apoy ka n’ung gabing iyon. Ka-boom!”

“OA ka yata?”

“Nag-apoy din ako n’un,” amin nito. “Hell, nag-aapoy ako ngayon.”

Pikon na si Raine. Tama na ang mga apoy at ka-boom. Tumayo siya mula sa kinauupuan. Ilalayo na niya ang sarili sa mapanuring tingin ng lalaki at init ng katawan nito.

Naglakad siya patungo sa lababo at tinalikuran ito.

“Gusto ko ng isang gabi ng sex,” aniya, “at akala mo may iba pang ibig sabihin ’yon.”

“Mali ka diyan on both counts.” Itinaas nito ang isang daliri. “Una, hindi iyon isang gabi dahil umalis ka kaagad.”

“Jack—”

“Pangalawa,” dugtong nito, itinaas ang isa pang daliri. “May iba pang ibig sabihin sa nangyari sa atin. It meant a hell of a lot more at alam mo ‘yon.’”

“For heaven’s sake,” singhal niya, “ano bang parte ng ‘one-night stand’ ang hindi mo naintindihan?”

“Ewan ko. 'Yung 'one night' part siguro.”

Huminga siya nang malalim. “Jack, disente kang lalaki.”

Gumulong lang ang bilog ng mga mata nito.

“Suwerte ako na nandoon ka n'ung nangailangan ako.”

“Madalas ka bang mangailangan?”

Madalas niyang nararamdaman iyon, pero wala pa siyang ginawa para tugunan iyon dati. Wala rin siyang balak ipaalam iyon sa kaharap. “Hindi na 'yon importante. Ang importante, hindi na iyon mauulit.”

“Sigurado ka bang matitiis mo 'yon? Madalas tayong magkikita sa trabaho.”

“Lalong dapat maging professional lang ang turingan natin.”

“Mali ulit,” pahayag nito. “Bahala ka kung ano'ng gusto mong palabasin, Raine, pero sisiguruhin kong sa kama ko ang bagsak mo at tatapusin ko ang sinimulan mo.”

Pagkatapos sabihin iyon, tumayo ito at walang kaabog-abog na naglakad palabas ng kusina. “See you tomorrow.”

“Jack,” tawag niya.

“Tomorrow, Raine,” tugon nito mula sa hallway.

Kagandahang-asal na ihatid niya ang bisita palabas. Hindi siya dapat nakatayo lang sa tabi ng lababo habang pinakikingan ang pagbukas-sara ng pinto. Pero natatakot siya na kapag humakbang siya o gumalaw man lang ay hahabulin niya si Jack at magmamakaawang huwag siyang iwan nito. Tama ang binata. Magkikita pa sila bukas at sa susunod pang mga araw hanggang sa matapos nito ang childcare center. Mapipigilan ba niya ang damdamin at matitiis ang sarili nang ganoon katagal?

Mukha talagang pangangatawanan ng babaeng iyon ang pag-iwas sa kanya. May dalawang linggo nang hindi tinitigilan ni Jack si Raine. Nagpapakita siya ng motibo kapag walang ibang nakatingin. Pero ni hindi pa niya ito nahahawakan ulit. Dalawang linggo na at mas matindi na ang mga naiisip niyang gawin dito. Iyon ay kung magkakaroon siya ng pagkakataon.

Simula noong maghiwalay sila ni Faye, nawalan na siya ng interes na ma-involve sa kahit na sinong babae. Ngayong kailangan pa niyang bayaran ang

inutang sa mga magulang ni Faye para sa construction business, lalo pang naging malupit ang work hours niya. Libido? Masuwerte na kung makarating siya sa bahay at makasalampak sa higaan bago makatulog.

So bakit ganoon na lang ang mga pantasyang naglalaro sa isip niya dala ni Raine at pati si John Thomas ay hindi na halos makatulog? Dahil ba parati silang nagkikita? Dahil ba hindi ito pumayag? Ganoon ba kalaki ang ego niya?

Isang pamilyar na lumang kanta ang narinig niya sa radyo ng truck at nilakasan niya ang volume.

You play a game of hide and seek.

Thinking love will make you weak.

Napabuntong-hininga na lang si Jack at muling sinulyapan ang entrance sa condo building ni Raine. Dapat siguro sumuko na lang siya at umuwi na lang.

Bumukas ang front door at lumabas si Raine. Binuksan ni Jack ang makina ng sasakyan para sana sundan ito, pero dumerecho ang dalaga sa kanya. Nang buksan nito ang passenger door at umupo sa tabi niya, pinatay niya ang makina at iniunat ang braso sa likod ng bench seat.

“Ano ang ginagawa mo rito?” tanong nito.

“Ano sa tingin mo?”

“Sinusundan mo 'ko.”

Oo nga mukha nga siyang stalker, pero may magagawa ba siya?

“Sabi sa akin ni Horace gabi-gabi ka raw nandito nitong nakaraang linggo,” patuloy ng babae.

“Good old Horace. Maaasahan talaga siya.”

Tinitigan siya nito na animo nababaliw na siya. Siguro nga.

“Sinadya mong makita ka ni Horace?”

“Alam ko kasi na tatawagan ka niya at lalabas ka para malaman kung ano ang ginagawa ko.”

“At paano mo nasiguro na hindi ako tatawag ng pulis?” tanong ni Raine.

“Hindi mo style 'yun. Ikaw 'yung gumagamit ng pepper spray.”

Naisuklay nito ang mga daliri sa buhok. “Kabaliwan 'to.”

“Kabaliwan 'tong pinaghihiwalay mo tayo.” *At itong nararamdaman ko. Saan nanggaling iyon?* “Look, lalaki ako, okay? Hindi ako magaling sa salita.”

“Hindi mo kailangang—”

“Pero kailangan ko.” Itinaas niya ang kamay at hinaplos ang pisngi nito. Nagtama ang paningin nila at sa unang pagkakataon, napansin niya ang kulay ng mga mata nito. Hazel—nasa pagitan ng berde at kulay-tsokolate—bagay na bagay sa maputing kutis nito at mapulang buhok. “May namamagitan sa ’tin, Raine. Totoo. Espesyal.”

“Jack, please,” giit nito, ngunit wala na ang tigas sa mga mata nito.

“Gusto lang kitang pasayahin, Raine,” patuloy niya, iginalala ang daliri sa malambot na balat nito. “Hindi madali ang mabuhay. Kailangang hanapin mo ang bagay na makapagpapasaya sa ’yo.”

“Okay naman ang mga sinabi mo,” mahinang sambit nito, “considering na lalaki ka.”

“Tao lang. Wala akong alam tungkol sa mamahaling beer o magagandang baso. Pero alam ko kapag may nararamdaman ako. Dito.” Tinapik niya ang dibdib, sa tapat ng puso.

Bahagyang napapikit si Raine at naging malamlam ang ekspresyon nito. Kung pinapaikot lang niya ito, masasabi na niyang tagumpay siya. Pero hindi niya kayang magsinungaling pagdating sa bagay na iyon.

Hindi niya alam kung paano.

Patuloy ang kanyang masuyong haplos sa mukha ng katabi, mula sa panga papunta sa tainga gamit ang dulo ng daliri.

“Jack,” anas nito.

“Shh. Just enjoy.”

Ginamit niya ang ilong para damhin ang sentido ng babae. Inihilig nito ang ulo para mas bigyan siya ng pagkakataong mapalapit pa, kinagat-kagat niya ang gilid ng tainga nito.

Nanginig si Raine at napasinghap nang maramdaman nito si John Thomas na nababanat sa kanyang pantalon.

“Honey, I’m going to kiss you now, okay?”

Dumilat ito at tiningnan siya, ngunit parang hindi makapag-focus ang tingin nito sa kanya. Napakagat-labi ito saglit. Ngumiti. “Okay.”

“Okay,” bulong ni Jack.

Napakatamis nito nang sa wakas ay nahalikan niya. Lalong tumamis dahil sa pananabik. Ang tagal din niyang hinintay iyon. Pinaghiwalay niya ang mga labi nito gamit ang bibig niya at tinikman ang hininga

nito. Mainit. Basa. At matamis, napakatamis.

Pinilit niya ang sarili na dahan-dahanin ang sitwasyon. Ito na ang pinakamalapit na narating niya simula noong gabing iyon, hindi niya dapat biglain. Hahayaan niya itong manguna sa sitwasyon kahit ikamatay niya iyon.

Hindi siya nagkamali. Makalipas ang ilang minuto, isinilid ng dalaga ang mga daliri sa kanyang buhok para lalong laliman ang halik. Her tongue slipped into his mouth and grazed his own. Pinilit niyang hindi mapaungol ngunit nakalabas pa rin ang tunog sa kanyang bibig.

“Paano mo nagagawa sa akin ’to?” tanong nito.

“Hindi ako, Raine. Tayo. Tayong dalawa.”

“Nanghihina ako.”

“That’s good, Honey. Ako ang bahala sa ’yo.” At pati na rin sa sarili niya.

Hinila niya ito at hinalikan nang malalim. Her lips tangled with his—taking and giving—habang nakadiin ang dibdib nito sa kanya. Sumandal siya sa upuan at patuloy na hinalikan ito. Isiningit niya ang kamay sa pagitan nila upang masalo ang isang dibdib ng babae.

Napasinghap ito sa kanyang ginawa.

“I know, Honey,” sabi niya. “I swear, you turn me on like mad.”

“Jack,” bulong ni Raine. Sumandal ito sa kutson at inihantad ang mahaba at makinis na leeg nito. Kinuha niya iyon bilang senyales at nagsimula ng linya ng halik mula sa panga nito pababa sa leeg, pababa sa sarahan ng blusa ng babae. Matapos tanggalin ang unang butones, isiniksik niya ang ilong sa loob at hinalikan pa lalo ang collarbone nito.

Hinayaan lang siya ni Raine at hindi siya piniglan. Gumawa ito ng maliliit na tunog sa likod ng lalamunan. Magandang senyales. Binuksan pa niya ang isa pang butones, at ang pangatlo, at isinilid ang kamay sa loob ng damit, hanggang sa mahanap ang puntas ng bra nito.

Umarko ito sa kanyang kamay. Ramdam niya ang epekto ng haplos niya sa mga tuktok ng dibdib nito at kailangan niyang madama iyon nang balat sa balat.

Dahan-dahan at masuyo niyang isinuot ang kamay sa loob ng bra. Pinaikot niya ang hinlalaki sa dunggot at nangatal ito, ikiniskis ang sarili sa kanya.

Damn, hindi na niya yata kakayanin pa ang magtiis. He was fully erect and throbbing now.

Mayamaya ay tuluyang mawawalan na siya ng kontrol. Kailangan niyang madala ito sa loob ng bahay nito at sa kama.

Inabot ni Raine ang harap ng kanyang pantalon at marahan siyang pinisil. Muntik na siyang mapatalon sa kinauupuan.

“Easy,” sabi niya. “Pumasok muna tayo sa loob, okay?”

“Sa loob?” ulit nito.

“Sa apartment mo. Sa kuwarto mo.”

Iyon ay kung makakalakad siya. Dadaan pa sila sa reception at kay Horace. Mahahalata ng guard ang harapan niya. Oh hell. Wala na siyang magagawa pa roon.

“Come on, Honey,” aniya. “Sa apartment mo.”

“Okay,” sambit nito, unti-unting dumilat. Nanlaki ang mga mata nito. “Sa apartment ko!”

“May problema ba?”

“Diyos ko, pambihira.” Napasinghap ang dalaga at umiling-iling. “Ginagawa ko ’to sa harap mismo ng apartment building ko.”

“Oo at ngayon.\, papasok na tayo sa loob.”

Napatingin ito sa harap ng building. “Oh no. Damn, damn, damn.”

“Ano’ng problema?”

“Nanonood si Horace.” Nanginig ang mga kamay nito habang isinara ang mga butones sa harap ng blouse. “Kanina pa niya tayo pinapanood.”

“Son of a bitch.” Napatingin siya sa balikat niya at nakitang nag-steam ang bintana ng truck. Pero naaninag pa rin niya ang mukha ng doorman na si Horace sa glass door. Well, shit.

“I’m sorry, Raine.”

“Hindi ko alam kung bakit pinayagan kitang gawin ’to,” saad nito. “Pag malapit ka, may ginagawa akong katangahan. Nakakasira ka ng ulo, sa totoo lang.”

“Nag-sorry na ’ko.”

“As if maaayos ang lahat dahil lang nag-sorry ka.”

“So nakita niya tayong naghahalikan,” kikit-balikat ni Jack. “People kiss. Big deal.”

Mukhang hindi pa rin kumbinsido si Raine. Humalukipkip ito at pinandilatan siya.

“Wala na siyang ibang nakita,” dugtong niya.

Hindi pa rin ito nagsalita. Nakaupo lang ito, sinisisi siya sa talim ng mga mata nito. Masama na siya kung sa masama pero sigurado niya, pareho silang nag-enjoy sa nangyari.

“Apektado ako sa ’yo,” anito. “Di ko naiintindihan pero di ko rin maitatangi ’yon.”

“Sa wakas, nagkaintindihan tayo,” usal ni Jack. “Hanap na tayo ng hotel o dadalhin kita sa bahay ko.”

“Hindi ko sinabing pagbibigyan kita, Jack.”

“Kung gan’un, ano?” Kulang na lang, sumigaw siya. Hindi siya kailanman nanakit ng katabi—o nagtaas man ng boses, pero inuubos ng babaeng ito ang pasensya niya.

Itinulak nito ang pinto ng truck pabukas. “Wag ka nang babalik dito.”

“Look, Honey, I’m sorry napagtaasan kita ng boses.”

“Seryoso ako. Sa susunod, hindi na ako lalabas. I’ll send Horace. Tatawag na ako ng pulis.”

“Raine, please. Bumalik ka rito at pag-usapan natin ’to.”

Lumabas ito at ibinalibag pasara ang pinto.

“Umalis ka na, Jack!” Naglakad ito pabalik sa building.

Hell and damnation. Binayo niya ang steering wheel sa sobrang inis. Fine. Sige, aalis siya at hindi na babalik kahit kailan. Hahayaan niyang magmakaawa ito sa kanya.

Pinatakbo na niya ang sasakyan. Stupid woman. May magandang nagaganap sa kanilang dalawa, pero masyado itong mapagmataas para makita iyon. Fine. Ginawa na niya ang lahat para makita nito iyon. Sa susunod na dalawin ito ng pangangailangan, maghanap ito ng ibang lalaking paiikutin.

Shit. Inapakan niya ang brake at umingit ang mga gulong. Ibang lalaki?

Pumarada si Jack sa tabi, binuksan ang bintana at hinabol ang hininga. Wala siya sa kondisyon para magmaneho, sasabog na ang pantalon niya sa sexual frustration at sa imahe ni Raine na kumukuha ng ibang lalaki.

Walang ibang lalaki ang makakalapit kay Raine Winstead habang nabubuhay si Jack Bugalli. Itaga nito iyon sa bato dahil kapag nangyari iyon, malalaman nito kung ano ang totoong kahulugan ng ‘stalker’.

Nilamukos niya ang mukha gamit ang isang

kamay. Paano siya nahulog sa matigas ang ulo at makasariling babaeng iyon? Dahil ba madali itong mag-init? Dahil ba na-tu-turn on siya kahit naglalakad lang ito?

Walang silbi kung tatanggi pa siya. Nakatoka na kay Raine ang pagpapanggap. May kung ano sa babaeng iyon na nakakuha ng pansin niya, at hindi lang dahil sa sex. Baka dahil bossy ito, pagkatapos magpapakita ng pangamba. Naalala niya ang susunod na lyrics sa love song na napakinggan niya kanina.

You never had love, but now you do.

You can't hide from love so true.

Iyon kaya ang ibig sabihin niyon? Hindi ba pa nakaranas ng pagmamahal si Raine sa tanang buhay nito? He'd had love and plenty of it—una sa pamilya, kay Faye, at least noong umpisa ng pagsasama nila. Ano kaya ang pakiramdam ng hindi pa nakaranas ng pag-ibig?

Aw hell, ano ba ang iniisip niya? Malabong in love siya kay Raine. Kakikilala pa lamang nila. Pero sa kabila niyon...

Kailangan niyang hanapin ang sagot sa mga tanong at iyon mismo ang gagawin niya. Magkikita't magkikita sila sa trabaho. Walang magagawa si

Can't Hide Love - Alice Gaines

Raine doon. Babalikan at babalikan sila ng mga katanungang iyon at kailangang may mga kasagutan na siya pagdating ng oras na iyon.

Kailangan ni Jack ng plano. Isang klase ng plano.

4

Dapat yata may batas na nagbabawal sa isang lalaki na maging ganoon kaguwapo, lalo na kapag tirik na tirik ang araw.

Dapat nakabalik na si Raine sa opisina, nakapuwesto sa kanyang mesa para magtrabaho. Gagawin naman niya iyon. Kailangan lang niya ng ilang minuto para mapagpantasyahan si Jack, pagkatapos babalik na siya sa trabaho. Pangako. Sinipat niya ang relo: lunch hour. Puwede pa siyang pumuslit mula sa opisina para makapaglakad-lakad at tuluyang kalimutan ang epekto ng ilang araw na pagtitiis at pangugulila sa isang lalaki na paniguradong hindi naman talaga para sa kanya.

Hindi na siya makapaghintay na makaalis kahit saglit lang. Kailangan niyang klaruhin ang utak at tigilan na ang kaisip sa lalaking iyon.

Hindi yata napansin ng mga trabahador sa construction site na lunch hour na. May patuloy na naghalo at nagbuhos ng semento sa gitna ng araw. May nagtanggap ng kanilang pang-itaas, kasama na ang boss. Nakatayo si Raine malapit sa bintana ng examining room para ipamahagi ang mga bagong

patient education brochures nang makita niya si Jack na walang suot na pantaas. Pinanood niya ang paghagod ng sikat ng araw sa likod at balikat nito. Kung tutuusin, hindi kailangan na siya mismo ang mag-stock ng brochures sa kuwarto, pero hindi naman masama na siyasatin niya ang progreso sa ginagawang childcare center.

Sino ba ang niloloko niya? Nagpunta siya roon para pagmasdan si Jack Bugalli. Wala namang masama roon, di ba? Babae siya, normal na nag-uusisa minsan. Basta ba hanggang tingin lang siya. Hindi kailangang malaman ni Jack kung ano ang kanyang ginagawa.

And what a vision he made. Sleek, firm, browned by the sun—*animo* isa itong Olympic athlete noong unang panahon.

Kailangan na niya talagang magising sa kahibangang ito bago pa lumala iyon at makagawa siya ng katangahan. At sa lahat ng lugar, sa trabaho pa.

Napabuntong-hininga si Raine at sumandal sa gilid ng bintana habang pinagmasdan ang magandang katawan ni Jack mula sa kinatatayuan. Hinayaan niyang gumala ang kanyang paningin sa mga balikat nito, pababa sa gulugod, sa baywang

ng suot na pantalon, at sa perpektong pang-upo nito. Kung sana, hindi niya kabisado kung ano ang pakiramdam ng mahawakan ito. Kung sana hindi niya alam kung paano ito gumalaw habang umuulos sa kanyang kaibuturan.

Kumawala siya sa alaalang iyon at ipinaypay ang isang kamay sa umiinit na mukha. Kailangan na niyang makaalis sa lugar na iyon bago pa siya madaig ng kanyang hormones. Pero bago niya nagawa iyon, humarap si Jack at nahandugan siya ng tanawin ng matipunong dibdib nito. Damn, ang gandang lalaki talaga nito. Siguro kahit dumating ang lahat ng tauhan ng ospital sa silid, hindi niya maiaalis ang titig sa imaheng iyon at paniguradong nakapinta sa mukha niya ang kakaibang pagnanasa para kay Jack Bugalli.

Napatingin si Raine sa mukha nito. Napatda siya. Nakatingin din ang lalaki sa kanya, at kitang-kita ang pangungusap na 'alam ko kung ano ang iniisip mo' sa titig nito. Napaatras siya mula sa bintana at halos habulin ang kanyang pulso sa nangyaring iyon. Huling-huli siya ni Jack na nakatitig dito base sa kung paano siya nito titigan pabalik. Wala na siyang masasabi pang alibi para makalusot. Malamang ay nabasa rin nito ang pagnanasa sa kanyang mga mata. At panigurado pagbabayaran niya iyon.

Sumilip siya sa gilid ng bintana. Tamang-tama lang para makita niya itong kausap ang isa sa mga tauhan nito, sabay hablot sa damit nitong nakasabit sa isang rebar. Nakita niyang tinungo ni Jack ang main hospital.

Diyos ko, ano na ngayon ang gagawin niya? Saksakan pa naman sa tigas ng ulo ang lalaki. Puwede siyang bumalik sa kanyang opisina, pero paniguradong doon siya unang hahanapin nito. Baka gumawa pa ito ng eskandalo. Puwede rin niyang lisanin ang gusali bago ito makapasok sa loob, pero mauunahan siya nito. Baka makabangga pa niya ito sa lobby.

Ang paraan na lang ay ikandado niya ang pinto ng examining room at magdasal na sana ay walang gumamit ng silid bago matapos ang lunch hour.

Tinawid ni Raine ang distansya papunta sa pinto. Napatigil siya at napatunganga sa doorknob. Naalala niya na siya mismo ang nagrekomenda na tanggalin ang mga kandado sa pinto matapos ang isang pangyayari kung saan nagkulong sa isang kuwarto sa ibang clinic ang isa sa kanilang mga psychotic na pasyente. Ilaw na nagsi-signify ng 'in use' at 'vacant' rooms ang sistemang ipinalit ng Administration ilang buwan na ang nakakaraan. Walang ilaw na pipigil

kay Jack Bugalli pag ganoon ang ilaw sa mga mata nito. Damn, damn, damn.

Umatras si Raine mula sa pinto at sumandal sa examining table. Baka maling hallway ang tinungo nito at baka nalampasan ni Jack ang kuwartong iyon. Tama, at may aliens din na ki-kidnap sa kanya at magsasakay sa kanya sa spaceship ngayon mismo.

Bumukas ang pinto at iniluwa niyon si Jack Bugalli. “Ano sa tingin mo ang ginagawa mo?”

Pasimpleng sinipat ni Raine ang relo. “Tingnan mo nga naman ang oras. I’m late for lunch.”

“You’re late for a lot of things,” tugon nito. “At nasa dulo ng listahan ang lunch.”

“Hindi ko alam ang sinasabi mo.” Sinubukan niyang lampasan ito, ngunit hinablot ng binata ang braso niya at hinapit siya sa dibdib nito. Suot nito ang pang-itaas, pero hindi iyon nakabutones. Ilang dali lang ang layo ng balat nito sa kanyang mga kamay. At mga labi. He smelled like sunshine. Dapat ay inalis niya ang kamay nito, pero nanlabot ang kanyang mga tuhod at baka mabuwal siya kapag pinakawalan siya nito.

“It’s been over a month since we made love,” sambit ni Jack. “Masyado nang matagal ’yon.”

Actually it had been four weeks, five days and an odd number of hours.

“Matagal na ’yun para magtiis,” sabi nito na para bang nabasa ang iniisip niya.

“Ba’t nagtiis ka? Hindi gawain iyon ng maraming lalaki.”

“Pinatunayan mo lang na hindi mo ’ko talaga kilala. Pero tuturuan kita ng leksyon. Ngayon na.”

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Nakuha mo na sana ’ko sa apartment mo, o di kaya sa bahay ko kung sinabi mo lang. Pero wala kang pinili d’un, kaya gagawin na lang natin dito.”

“Ha?” ulit ni Raine. “Dito?”

“Dito at ngayon na.”

“Pero hindi puwede.” Alanganin ang tono niya na para bang sinabi niyang ‘please’.

“Bigyan mo ako ng matinong dahilan,” anito.

“Nasa trabaho tayo.”

“Oras natin ang lunch hour,” sabi nito.

“Baka may gumamit ng kuwarto na ’to.”

“Walang tao sa clinic.”

“Walang lock ang pinto.”

Natigilan ito pero saglit lang. Luminga si Jack sa buong kuwarta at nakita ang isang straight-backed chair. Binitawan siya nito, kinuha ang upuan at inilagay iyon sa ilalim ng doorknob.

Damn, talagang desidido ito sa balak gawin.

Sumandal siya sa examining table at inilahad ang mga kamay upang makiusap. “Jack, pag-isipan mo muna ito sandali.”

“Iyan lang ang inisip ko nitong nakaraang buwan.”

“Kabaliwan ’to.”

Inabot ni Jack ang harap na bulsa ng pantalon at naglabas ng isang condom. Naniguro ito na magdala ng kahit isa lang simula noong mapagtanto nito na araw-araw silang magkikita sa trabaho. “Kung gan’un, nababaliw na ako at ikaw rin.”

Nanlambot ang mga tuhod niya at naging pudding ang sikmura niya. Nananakit ang mga dibdib niya sa pagkakadikit niyon sa kanyang bra. Wala siya sa kondisyon para bumalik sa trabaho, at malamang hindi rin siya hahayaan ni Jack na makalusot na

lang. Mananatili siya roon at sana hindi bumigay ang upuan habang inaangkin siya nito. At kung gagawin ng binata ang ginawa nito noon sa kanya, she was in for a wild ride.

Tinitigan siya nito habang hinuhubad ang suot na kamiseta. Sinundan niya ng tingin ang pagbagsak ng damit sa sahi, at napako ang mga mata niya sa harap ng pantalon nito. Fully erect, parang nagmamakaawa iyon na mapalaya. Namasa ang pagitan ng mga hita niya dahil sa antispasyon. Lumapit si Jack sa mesa kung saan siya kanina nakasandal at inilapag doon ang condom. Malutong ang tunog niyon nang buksan ng lalaki, pero hindi na iyon alintana ni Raine nang masuyo siyang hinalikan nito.

His fingers tangled in her hair, pulling her head backward as his tongue entered her mouth. Napaungol siya at lalo pang inilapit ang sarili habang naglalakbay ang mga kamay niya sa likod nito. Sa haplos, amoy at lasa ay damang-dama niya ang init ni Jack—primitibo, lalaking-lalaking init. Ninamnam niya iyon at inihagod ang sarili rito na parang isang pusa.

Sinapo nito ang kanyang dibdib at tinukso ang tuktok niyon gamit ang hinlalaki. Napaungol siya sa mga labi nito. “Hurry, Jack. Please.”

“No way, baby. Hindi ko mamadaliin 'to.”

“Baka may kumatok sa pinto.”

“Not for another forty minutes.”

“Baka subukan nila na pumasok.”

“Sasabihin ko na may tinatrabaho ako rito,” sabi nito. “Totoo naman 'yon.”

Patuloy na nanalasa ang mga daliri nito sa kanyang kabuuan, kiniskis ang tuktok ng dibdib niya, pinipisil iyon sa kabila ng tela ng kanyang suot. Namilipit siya, sinusubukang lalo pang mapalapit. Napasinghap si Jack.

“Damn, sasabog na yata ako,” anito.

“Hurry, Jack,” ulit niya.

“I want to feel you climaxing around me. I want to feel you come.”

“Gawin mo na,” untag niya. “Basta 'wag ka lang mag-ingay.”

“Kaya ko, ewan ko lang sa 'yo.”

“Puwede bang tumahimik ka na?”

“That's my girl.”

Inipon nito ang palda niya sa mga kamay, kasama ang kanyang slip. Dumama ang mga daliri ni Jack sa hita niyaH at sa ibabaw ng kanyang panties. Wala siyang suot na pantyhose dahil sa init ng panahon. Natagpuan nito ang kaselanan niya at isinilid doon ang isang daliri. Napasinghap siya sa ligayang tumama sa kaibuturan niya.

“Quiet, Raine,” bulong nito sa kanyang tainga. “Remember?”

“Damn you. Alam mo kung ano ang ginagawa mo sa 'kin.”

Hindi ito sumagot at tumawa na lang habang patuloy siyang tinudyo ng daliri nito. Lalo tuloy siyang napaungol sa bawat haplos nito.

“Shh, baby,” bulong nito. Ibinaba niya ang mukha sa balikat nito at marahang kinagat ang lalaki.

Muli itong tumawa habang lumuluhod sa harap niya. Tinanggal nito ang suot niyang panloob. Matapos bungkusin muli ang palda niya, iniangat nito ang kanyang binti sa balikat nito. Diyos ko, talagang aangkinin siya nito doon mismo sa examining room. Sinikap niya na huwag gumawa ng kahit anong ingay.

Ibinaon ni Jack ang ilong sa pagitan ng kanyang mga hita at inilabas ang dila upang tikman siya.

Hindi niya halos napigilan ang mapaungol. Tumigil ito saglit at umismid.

“Bakit ka tumigil?” habol ni Raine.

“Hindi ka ba titigil sa pag-iingay?”

“Oo na, oo na.”

“Ayokong nakikinig ang buong hospital sa labas,” anito.

“Alalahanin mo na lang ang sarili mong ingay, puwede ba?” sagot niya.

“Tinutulungan lang kita.”

“Salamat na lang.”

Ngumisi ito, muling idiniin ang mukha sa kanya at hinaplos siya gamit ang bibig. Halos mabuwal siya kaya humawak siya mga balikat ni Jack at inihilig ang likod sa mesa. Nagpiyesta ito roon, pinagsawa ang sarili sa bahagi niyang iyon hanggang sa manginig ang lahat ng himaymay niya. Close, so close to orgasm. Pero hindi siya nagtangkang gumawa ng kahit anong ingay. Napaawang ang bibig ni Raine habang humihigop ng malalim na hininga.

Patuloy si Jack sa ginagawa nito; pushing her to the edge and stopping just long enough to hold

her right at the brink. Nanginig at nangatal si Raine, ngunit hindi siya nag-ingay.

Nang malapit na malapit na siya sa kasukdulan, bigla itong tumigil. Sisigaw na sana siya sa sobrang frustration, pero hindi niya ibibigay ang kasiyahang iyon kay Jack. Ibinaon niya ang mga kuko sa balikat nito at hinabol ang hininga.

Tumayo ito at tumalikod. “Tapusin natin ito nang maayos.”

Kung may natitira pa siyang lakas, naitanong na niya kung ano ang ibig nitong sabihin sa ‘tapusin nang maayos’. Sana lang ay tungkol iyon sa pagdala sa kanya sa rurok ng kaligayahan na halos abot-kamay na niya.

Iniharap siya nito sa mesa at hinila paitaas ang suot niyang palda. Hindi siya nakagalaw. Nakadampi ang mukha niya sa mga papel habang pinapanood niya si Jack na abutin ang condom. Parang taon ang binilang ng mga sandali, rinig sa buong kuwarto ang tunog ng pagtanggap nito ng suot na sinturon at pagbaba ng zipper nito. Matapos ang ilang saglit ay naramdaman niya ang marahang pagpasok nito sa kanya. Napaungol si Jack sa ginawa.

“Wag kang magkakamali na mag-ingay,” bulong

niya rito.

“Damn, Baby. You feel good.”

“Seryoso ako, Jack.”

“Alam ko pero, oh man...”

“Jack, ’wag na ’wag kang magkakamali.”

Umulos ito. One sure stroke and he filled her. Hindi rin niya napigilan ang marahang pag-ungol kahit kinagat na niya ang labi at pilit pinigilan ang sarili.

He set a steady rhythm of long, slow strokes. Hinawakan niya nang mahigpit ang gilid ng mesa at pinilit na huwag mapasigaw sa nakaliliyo nitong galaw. Halos mawala siya sa huwisyong tumigil ang pag-ikot ng kanyang mundo, pati ang oras. Wala nang ibang realidad maliban sa paggalaw at pagpuno nito sa kanya na unti-unting nagdadala kay Raine papalapit sa hinihintay na langit.

Inabot nito ang harapan niya at walang awang humaplos doon. Isinubsob niya ang mukha sa mga papel at pinigilan ang sarili na humiyaw. Hindi na niya yata matatagalan pa iyon. Ilang minuto na lang... ilang segundo... isa pang hagod.

Kumapit pa rin siya, pilit na tinitii ang sarili

kahit alam niyang napakalapit na niya. Ngayon lang siya nakaranas ng ganitong kaligayahan at kailangan niyang patagalin iyon. Kailangan niyang tumagal dahil bawat segundo ay mahalaga. Pero paano nga ba niya malalabanan ang ganito kasidhing damdamin?

Ngayon na. Ngayon. Ngayon!

Her climax burst over her, shattering reality into one maddening pulse after another. Natangay si Raine sa pakiramdam na iyon habang humangos sa bawat alon hanggang sa wakas ay nanlambot siya.

Sa likod niya, timping napaungol si Jack habang lalong ibinabaon ang sarili sa kanya. He pulsed deep inside her body for a moment and then collapsed on top of her, still joined with her.

“Oh... my... God,” anas ni Jack.

Ibang klase, nagawa pa rin nitong magsalita sa kabila ng lahat ng iyon. Makakapagsalita rin siya matapos ang ilang minuto. Basta makabalik lang siya sa mula sa alapaap.

“Raine?” tanong nito. “Okay ka lang ba?”

“Define ‘okay’,” anas niya.

Tumawa ito, halatang natutuwa. “Well, I guess maliwanag na.”

“Ano’ng maliwanag?”

Inalis nito ang sarili sa kanya at nakaramdam siya ng bahagyang pangungulila rito matapos ang kanilang pinagsaluhan. Pero hindi sila puwede manatili sa kuwartong iyon buong hapon, kahit gusto niya.

Tumayo siya at hinarap ito. “Jack?”

“Raine?”

Tinanggal nito ang condom at initsa iyon sa basurahan. Ngumisi ulit ito nang isara ang zipper ng pantalon. “Hindi mo ako matanggihan.”

“Puwede ba.”

“Kailan ka huling nakipag-sex habang nasa trabaho?” tanong nito.

“Wag ka ngang sira.”

“Raine Winstead, isang babae na nag-assume ng fake identity at naglakbay ng ilang milya para lang makahanap ng lalaki—ngayon ay nakipag-sex habang nasa trabaho. Sa tingin ko, may ibig sabihin ’yon sa kakayahan mong tanggihan ako.”

Kumumpas siya na parang naghahanap ng matinong dahilan. “Kasi... ikaw... alam mo na.”

“No, Raine. Hindi ko alam. Bakit di mo sabihin sa akin?”

Well damn. Bistado na siya. Sa kasamaang palad, hindi niya talaga matanggihan ang lalaki: Ang ngiti, ang dibdib, ay iyong ginagawa ng bibig nito sa kanya. Tao lang siya.

“Oo na, hindi kita kayang tanggihan,” pag-amin niya.

“Hindi mo kailangang magmukhang malungkot dahil d’un.”

“Hindi mo kailangan magmukhang sobrang saya diyan.”

Itinaas nito ang mga kamay sa pagsuko. “Okay, let’s call a truce.”

“Sige.”

“So susunduin kita sa Biyernes pagkatapos ng trabaho,” anito. “D’un ka sa bahay ko sa Napa magwi-weekend.”

Napatanga siya sa sinabi nito. “At kailan ako pumayag diyan?”

“Puwede tayo sa bahay mo, sa bahay ko, o kahit dito sa trabaho.”

“Oh no, hindi na mauulit dito.” Sinuwerte lang sila ngayon. Wala siyang balak na sumugal pa uli at baka mahuli na sila.

“So ang pagpipilian na lang ay ang bahay mo o ang bahay ko,” sagot ni Jack. “Gusto ko sa bahay ko.”

“Teka, ano’ng problema sa condo ko?” giit niya.

“Puno ng mamahaling bagay.”

“For heaven’s sake,” reklamo niya.

“Art, upholstery, kung anu-ano pa. Mayroon kang climate controls para sa climate controls mo. Natatakot ako sa mga plato mo.”

“Natatakot ka sa mga plato ko?” ulit niya.

“Baka mabasag pag nahingahan ko nang malakas.”

“Plato lang iyon.”

“Well, ordinaryo ang mga plato ko. ’Yon ang gusto ko.”

Itinaas ni Raine ang mga kamay. Suko na siya sa tigas ng ulo nito. “Oo na. Sasama na ako sa ’yo sa Napa.”

Napatanga ang lalaki. “Talaga?”

“Hindi ba inimbitahan mo ako?”

“Well, yeah.”

“Tinatanggap ko.”

Bigla itong sumigaw ng ‘All riiiiight’ at binuhat siya sa mga bisig nito.

“Di ba sabi ko ‘wag maingay?” paalala niya.

“Right. Just wait, Baby. It’ll be great. Konting wine, konting pasta. Konting music at sa gabi, at tatratuhin kitang parang reyna. Hindi mo pagsisisihan ‘to.”

Ngayon, bakit ba ang hirap paniwalaan niyon?

Hindi pa rin makapaniwala si Jack na sasama si Raine. Pero tuwing titingin siya sa kanyang tabi habang nagmamaneho, naroon si Raine Winstead na nakadungaw sa bintana o tumitingin pabalik sa kanya ng may ngiti sa mukha nito. Makakasama niya ito buong weekend at plano niyang sulitin iyon. Lovemaking in the morning while the sun filtered in through the curtains of his bedroom. Tanghalian sa terrace sa ilalim ng malaking puno ng sikamoro... candlelight dinners habang may Italian opera sa backdrop... mas maraming lovemaking sa pagtatapos

ng araw... wala na yatang mas sasarap pa sa buhay niya sa mga oras na iyon.

Ipinarada niya ang sasakyan sa parking lot sa *Village Market* at pinatay ang makina. “May bibilhin lang ako. Gusto mo bang sumama sa loob?”

Nagkibit-balikat ito. “Sige.”

Pagkababa, umikot siya upang ipagbukas ito ng pinto. Nakababa na si Raine halos bago pa siya nakarating doon. Napatigil ito bahagya at tiningnan siya na para bang hindi nito alam kung ano ang ginagawa niya roon.

“Nagbubukas ka pa rin ng pinto?” tanong nito.

“May problema ba d'on?”

“Wala lang, may pagka... oh, hindi ko alam... makaluma.”

“That’s me. Ordinaryong tao. Naghihila rin ako ng upuan para sa mga babae.”

“Ano ba ’tong ginawa ko?” naitanong nito. “Naghanap ako ng one-night stand ‘tapos bumagsak ako sa isang traditionalist.”

“Ayaw mo n’un? Sinuwerte ka.”

“Basta ’wag mo lang akong tratuhin na parang

mahinang babae.”

“Simpleng respeto lang iyon, Raine,” sagot niya. “Hindi kita pinangungunahan.”

“Sorry na.” Mukhang nagsisisi talaga ang babae. Kung di man naguguluhan. Napakunot ang noo nito at sinipat ang kamay niya na nakahawak pa rin sa pinto ng truck.

“Wala ’yon,” aniya. “Hindi lang sanay ang ibang babae sa Jack Bugalli treatment.”

Natawa ito. “At ano naman kayang treatment ’yon?”

“Tinatrato ko ang babae na parang prinsesa.”

“Talaga lang, ha?” taas ng kilay nito. “At iyong prinsesa tatrathin mo ding babae, gan’un?”

“Siguro. Wala pa akong nakilalang prinsesa.”

Tinulungan niya si Raine para tuluyang makababa sa sasakyan at isinara ang pinto niyon. At para patunayan ang sinabi niyang princess treatment, kinuha niya ang siko nito at inalalayan ito papunta tindahan.

Tumunog ang bell nang buksan nila ang pinto at lumabas mula sa likod ng tindahan si Mrs. Camozzi.

“Jack,” tawag nito. “Saan ka galing?”

“Nagtatrabaho po ako sa Oakland.”

“Umalis lang si Angelina saglit.” Napatigil si Mrs. C nang mapansin si Raine. “Hello.”

“Kumusta po?” sagot ng kasama niya.

“Mrs. Camozzi, si Raine Winstead po. Kaibigan ko.”

Pakiramdam niya may ibang kahulugan ang tingin ni Mrs. C na para bang alam nito kung anong klaseng kaibigan si Raine. Hindi niya matukoy kung natuwa ba ito o hindi. Pero ngumiti pa rin ang babae kahit hindi niyon pinagliwanag ang mukha nito. “Nice to meet you.”

Marahang tumikhim si Raine. “Mag-iikot lang ako dito habang kinukuha mo ang mga kailangan mo.”

“Mabilis lang ’to,” sagot niya.

Tinungo ni Raine ang display ng wines at muli itong sinipat ni Mrs. C mula ulo hanggang paa. “Mabait ba siya?”

“Sobrang bait,” sagot ni Jack.

“Malulungkot si Angelina na hindi kayo nagkita.”

Okay si Angelina pero bata pa ito, at kahit ilang beses pa sila i-matchmake ni Mrs. C, babae ang gusto ni Jack. Katulad ng isa na nagkukunwaring interesado sa mga naka-display na bote ng alak.

Sinabi niya kay Mrs. Camozzi ang ilan pa niyang kailangan at kinuwenta ng babae ang lahat ng babayaran niya.

Isinilid nito sa isang bag ang kanyang mga pinamili at iniabot sa kanya. “Ilalagay ko na lang sa account mo.”

“Salamat po.”

“P’unta ka naman dito pag may oras ka,” dagdag ng matanda at makahulugang tiningnan si Raine.

“Sige po.”

Umalis siya sa counter at hinanap ang *kaibigan* niya. Natagpuan niya ito na pinagmamasdan ang isang bote ng zinfandel. Ipinakita iyon ni Raine sa kanya. “*Bugalli* ang nakalagay sa label.”

“Winery ng tatay ko.”

“Gumagawa ng alak ang tatay mo?”

“Pang-apat na henerasyon na siya. Kapatid kong babae ang susunod sa yapak niya.”

“Hindi ikaw?”

“Ayoko. Kung gusto mo, puwede kitang ipakilala sa kanila.”

Ibinalik nito ang bote ng alak sa shelf. “Huwag na lang.”

“Seryoso, hindi sila nangangagat.”

“I’m sorry,” anito.

“Ayan na naman ’yang sorry mo. May problema ba, Raine?”

“Nakaka-overwhelm lang kasi ang lahat. Sumenyas ito sa direksyon ng counter. “Si Mrs. Camozzi, ang pamilya mo.”

“Iniisip lang ni Mrs. C na in love ang anak niya sa akin.”

“In love nga ba?”

“Mas gusto ni Angelina na maging rock singer,” tugon niya. “At ’yong tungkol naman sa pamilya ko, sa susunod na punta mo na lang.”

Humalukipkip ang dalaga. “At marami ka pang susunod na pinaplano, ano?”

Inabot niya ang pisngi nito at masuyong hinaplos

iyon. “Siyempre.”

Bago pa ito nakatutol, kinuha na niya ang bote ng zinfandel at kinawayan si Mrs. Camozzi. “Padagdag na lang po sa account ko, Mrs. C.”

“Okay,” tugon ng matanda.

“Tuuwi na kita, Raine,” sabi niya. “At wala ka nang dapat ipagpa-sorry pa buong weekend.”

5

Hindi talaga nagbibiro Jack nang sabihin nitong prinsesa kung ituring nito ang isang babae. Kahit na rural ang setting at talagang work-in-progress pa ang bahay nito, masasabi ni Raine na sulit ang pagbisita niya sa buhay ng lalaki. Kanina sa kusina, pinaupo siya nito at binigyan ng kopita ng alak habang gumagawa ito ng sauce para sa ravioli. Nilagyan nito iyon ng extra virgin olive oil at fresh herbs mula sa hardin nito. Wala na yatang mas sasarap pa sa inihanda nito. At ang lahat ay nakahain sa simpleng pinggan at kubyertos.

At ngayong tapos na silang kumain, nakaupo si Raine sa sofa, may hawak ng kopita ng alak at nakikinig sa opera mula sa stereo.

“Okay, meron tayong dapat pagdesisyunan,” sabi nito. “Domingo or Pavarotti?”

“Ah, talo kita diyan. Wala akong pipiliin.”

“Wala?”

“Bakit ako pipili kung puwede namang pareho? Masyadong maikli ang buhay para sayangin ito sa kung sino o ano ang pinakamagaling.”

“Kung gan’un bakit puro best-type stuff ang nasa bahay mo?”

“May climate controls ako kasi tumutulong ’yon para mabuhay ang mga halaman ko. Mayroon akong china kasi maganda ang porselanang plato. Wala akong pakialam kung matutuwa ang ibang tao o hindi.”

“Interesante. Kung gan’on pala...”

“Kung mag-aaksaya ka ng oras sa pag-iisip kung aling alak ang mas okay, hindi mo ito mae-enjoy. Ganundin pagdating sa singer, plato at kotse.”

“Hindi mahalaga sa ’yo ang yaman?” tanong ni Jack.

Nagkibit-balikat siya. “Mahilig ako sa magagandang bagay. Sino ang ayaw d’un? Pero para i-enjoy ’yon, hindi para mang-impress ng ibang tao.”

“Well, na-impress ako,” pahayag nito.

“Ako rin, lalo na sa hapunan.” Inangat niya ang kopita para tumagay. “At sa alak. Salamat.”

Tinapik ng kopita nito ang hawak niya. Sumandal si Jack sa sofa at ipinikit ang mga mata. Ginamit niya ang pagkakataon para pag-aralan ang mukha nito. Saksakan talaga ito ng guwapo—ang prominenteng

panga, perpektong mga labi at makapal na pilikmata. She could have done much worse, kung ibang lalaki ang na-pick up niya sa bar. Base sa kung paano ito magtrabaho at makipag-usap sa mga empleyado sa hospital, alam niyang tapat si Jack. Sa pagsisikap nitong pagandahin ang bahay nito, masasabi niyang masipag ito. Hirap man siyang aminin, magiliw at mapagmahal din ito batay sa pagtrato nito sa kanya. Kung hindi siya mag-iingat, makakalusot ang lalaki sa buhay niya. At baka maging sa puso niya.

Hindi siya papayag na mangyari iyon.

Sumandal na rin si Raine sa kinauupuan at hinayaang tangayin siya ng musika. *Rigoletto*, isa sa mga paborito niyang opera. Madali siyang masasanay sa ganitong buhay kasama si Jack, nakaupo sa sofa at umiinom ng alak na gawa ng ama nito. Siguro kung magagawa lang niya na mag-ingat at ilayo ito sa mga emosyon niya, she could have the best of both worlds—malaya siya kahit may kaugnayan kay Jack Bugalli. Kung mapananatili niyang mababaw ang namamagitan sa kanila, baka ma-enjoy niya ang mga niluluto nito at ang ligaya sa kama nito nang hindi itinataya ang kanyang puso.

Matapos ang pinagdaanan niya, wala na siyang balak ipahamak ang puso sa kahit na sinong lalaki.

Laging lumalabo ang mga bagay-bagay kapag nalalaman ng lalaki na isa siyang Winstead. As in *Winstead Shipping*, *Winstead Electronics*, at *Winstead Estates*. Isa sa dalawang bagay ang laging nangyayari. Either gusto siyang pakasalan ng lalaki sa isang iglap o defensive ito tungkol sa kanyang yaman. Alam ni Stephen na isa siyang Winstead pero sa yaman ng pamilya nito, hindi na dapat issue rito ang pera niya. Sino ang mag-aakala na masa-shock ito sa prenuptial agreement? Sino ang mag-aakala na noon pa babagsak ang negosyo ng pamilya nito? Sino ang mag-aakala na iaalay ni Stephen ang napakaguwapo nitong sarili at magpapakasal sa kanya para isalba ang pagkalugi ng pamilya nito?

Dapat ay naisip na iyon ni Raine. Buong buhay niya, ganoon lagi ang trato sa kanya ng ibang tao—gusto lang siya dahil sa pera niya. Bakit umasa pa siya?

Mayroon ding napupuno ng pagdududa kapag nalaman na ang tungkol sa yaman ng kanyang pamilya. Baka kabilang si Jack sa kategoryang iyon. Iyong tipong nag-iisip na nagmamataas siya. Nagkomento na nga ito tungkol sa mga china. Paano pa kaya kapag nalaman nito kung gaano talaga siya kayaman?

Hindi na niya hahayaang malagay siyang muli sa ganoong sitwasyon. Ngunit kung susuwertehin siya maaari silang magkaroon ng panandaliang relasyon ni Jack. Lalo na kung hindi nito malalaman kung sino talaga siya.

Natapos ang opera sa background.

Kinuha ni Jack ang kanyang kopita at inilapag iyon pati ang hawak nito sa gilid ng mesa. “Puwede kitang dalhin sa kama. Hahayaan kitang matulog kung gusto mo. We have the whole weekend.”

“Ayoko pang matulog,” sagot niya. “Hindi pa ngayon.”

Inilagay nito ang palad sa gilid ng kanyang mukha at humilig papalapit sa kanya hanggang maramdaman niya ang mga labi nito. Lasang zinfandel ito—rich and redolent of fruit. She sipped at him, taking his sweet breath as her own, hanggang sa naliliyo na siya dahil sa pangangailangan sa binata.

Matapos ang mainit na halik, kumalas ito sa kanya, tumayo at inabot ang palad sa kanya. “Ayoko pa ring matulog.”

Kanina pa pinagmamasdan ni Jack si Raine

habang natutulog ito. Kanina pa sumikat ang araw pero dahil hindi sila halos nakapagpahinga nang nagdaang gabi, hindi siya kaagad umalis sa higaan.

Kakaibang babae talaga si Raine. Hindi maawat. Tumutugon. Exploding in one orgasm after another so intense he could hardly ride out her pleasure. Nag-uumapaw ang pride ni Jack sa kanyang performance, ngunit halata ang panginitim sa ilalim ng mga mata ng dalaga. At gusto pa niya. Ngayon na.

Wala siyang balak istorbohin ang tulog nito. Nakaisip naman siya ng paraan kung paano ito lulubayan nang higit pa sa limang minuto.

Nagmulat ang dalaga at nginitian siya. Pakiramdam niya ay malulunod siya sa makahulugang tingin na iyon.

“Hi,” bulong ni Raine.

“Hi yourself,” sagot niya. “Nakatulog ka ba nang maayos?”

Bahagyang natawa ito. “Nakatulog ba ako?”

“Wala akong narinig na reklamo kagabi.”

Itinaas nito ang kamay at hinawi ang ilang hibla ng buhok mula sa noo nito. “Do you do everything as well as you cook and make love?”

“I aim to please.”

Inunat nito ang mga braso sa ulo. Lumabas mula sa kumot ang isa nitong dibdib dahil sa galaw na iyon. “Good,” anito. “Ang mabuti pa bumaba ka na at ipagluto mo na ako ng almusal. Gutom na ako, eh.”

“Ako rin.” Iyon nga lang, hindi pagkain ang kailangan niya. He wanted that tempting female flesh in his mouth. Ngayon na.

“Ayokong magutom ka,” ani Jack, habang tinatakpan ng palad ang dibdib nito.

“Mmm,” ani Raine.

Yumuko siya at dinala sa loob ng bibig ang tuktok ng dibdib, habang hinahagilap ng kamay niya ang isa pang umbok sa ilalim ng kumot. Napasinghap ito nang matagpuan niya ang hinahanap. Lalo nitong inilapit ang sarili sa kanya.

Hinila niya ang kumot pababa at pinagpala ng dila ang kabilang dibdib.

“Breakfast,” bulong ni Jack.

“Eggs,” tugon ng dalaga habang unti-unting gumalaw ang baywang nito sa bawat haplos niya.

“Ham. Hash browns.”

Naramdaman niya ang kamay nito na naglakbay pababa hanggang sa matagpuan si John Thomas at pinisil iyon. Nangatog si Jack. Damn, mababaliw siya sa babaeng ito.

“Yup, di mo makalimutan ang almusal,” sabi niya, binigyang diin ang bawat salita sa marahang pag-ungol.

“Toast,” dagdag ni Raine.

She'd be toast when he finished with her. Kinapa niya ang mesita sa gilid ng kama para sa isang condom. Binuksan niya iyon at isunuot sa sarili. Pinihit niya ito upang maramdaman ang pang-upo nito sa kanyang pagkalalaki. Soft flesh, and yet firm. Tamang-tama lang. Itinaas niya ang binti nito at inangkin ito mula sa likuran. One stroke and he buried himself in her to the hilt.

Umarko ang likuran nito at sinabayan ang bawat indak at indayog ng pang-aangkin niya. Ramdam niyang hindi na siya makakatagal. Unbelievable. Hindi niya ito magawang tigilan.

Pinilit niyang kontrolin ang sarili, nilabanan ang sarili sa pag-abot ng sukdulan, inilaan ang buong konsentrasyon sa pagpapaligaya kay Raine. Ginantihan siya nito ng isang sigaw habang umigting

ang buong katawan nito sa kanyang mga bisig. Humigpit ang kapit nito sa kanya. His own orgasm claimed him, sending him into oblivion as he spent in wave after wave of hot lust. Narinig niya ang sarili na napaungol. Matapos iyon ay bumagsak siya sa higaan at hinapit ang katawan nito.

“Kakaibang almusal ’yon, ha,” bulong ni Raine malipas ang ilang minuto.

“May mas malupit pa d’un.”

Natawa ito. “Hindi ko alam kung mabubuhay pa ako pag may mas matindi pa d’un.”

Pinaglaro niya ang mga daliri sa dibdib ng kasuyo. Marahan niyang kinagat ang leeg nito at niyakap pa ito, spoon fashion. “You inspire me.”

“At ano’ng plano mo for the rest of the weekend?” tanong nito. “Marami pang ganito?”

“Sa tingin ko hindi rin natin kaya na puro na lang ganito sa buong weekend.” Pero ayos lang sa kanya kung susubukan nila. “Puwede tayong pumunta sa aplaya.”

“Ayokong abalihin ka sa ginagawa mong pag-aayos dito sa bahay mo.”

“Balak ko sanang gawin ’yong plumbing sa banyo

sa 'baba ngayong weekend pero ikaw kasi..."

"Bakit ako?" tanong nito.

"Inakit mo ako sa trabaho n'ung isang araw."

Pinalo siya nito. Nope. Paniguradong walang plumbing work habang solong-solo niya si Raine.

"Puwede kitang ipakilala sa pamilya ko," alok niya.

Nanigas ang babae sa mga bisig niya at bahagyang lumayo. "Please, Jack, 'wag mo nang ipilit."

"Okay, okay." Muli niya itong hinapit pabalik. "No family this weekend."

"Salamat."

"Sa susunod na lang."

Kumawala si Raine sa yakap niya at rumolyo para harapin siya. "Jack..."

Bago pa man nito naituloy ang pagtutol, hinalikan na niya ito, at salamat sa Diyos, tumugon ito. Mayamaya ay kumawala siya at hinalikan ang tungki ng ilong nito. "Breakfast."

Ngumiti ito. "Breakfast."

Masama ang tingin kay Jack ng doorman na si Horace habang inaalalayan niya si Raine patungo sa elevator ng apartment building nito. Dala niya ang maliit na bagahe ng dalaga, at panigurado siya na hindi lingid sa kaalaman nito kung ano ang implikasyon niyon. Wala na itong pakialam kung ano ang ginagawa ni Raine sa weekend, at lalong wala itong pakialam kung sino ang kasama nito.

Tila hindi iyon pansin ni Raine, hindi masyado. Medyo weird ang ikinikilos nito mula nang bumalik sila sa Oakland. Mukha itong relaxed at masaya buong weekend—liban lang sa mga pagkakataon kung kailan nababanggit niya ang pamilya niya—pero mas tense ito ngayon. Ano kaya ang problema?

Hell, kinakabahan siya dahil dito. Hindi siya sigurado kung iimbitahan siya ni Raine na magpalipas ng gabi sa bahay nito. Puwede siyang bumalik sa Napa, pero malamig ang kama niya lalo't wala ito roon.

Bumukas ang elevator at pumasok sila nang walang imik. Nang sumara ang mga pinto, hindi naiwasan ni Jack na pagmasdan si Raine habang umaakyat ang elevator patungo sa floor ng apartment nito.

“That was a dynamite weekend,” pahayag niya.

Nginitian siya nito—sinsero, pero parang may pag-aalinlangan. “Yes, it was.”

“Gawin natin uli sa susunod na weekend.” At sa susunod at susunod pa na weekend.

“Pag-usapan muna natin,” sagot nito.

Uh-oh, hindi magandang senyales. Kapag ibibigay ng isang babae ang gusto mong sagot, derechahan iyong ibibigay. Gulo lang kapag pag-uusapan pa. Wala namang kaso iyon. Pahihirapan niya ito kung may plano itong pigilan siya. Pagkatapos ng lahat ng pinagsaluhan nila, hindi na posibleng bawiin pa ang lahat ng iyon. Ipapaunawa niya iyon sa dalaga kahit ikamatay pa niya.

Bumukas muli ang elevator at sinundan niya ito sa pasilyo, bitbit pa rin ang bag nito. Binuksan ni Raine ang pinto sa apartment nito at ang light controls. Parang *déjà vu* ulit. Sinundan niya ito sa sala at ibinaba ang bagahe sa makapal na carpet.

“Nandito na tayo,” ani Jack.

Nakatayo lang si Raine sa gitna, halatang ninenerbyos. “Nandito na tayo.”

“Tungkol sa susunod na weekend—”

“Wag tayong magmadali,” putol nito.

“Magmadali?” ulit niya. “We just spent two full days and nights making love to each other.” Kung siya lang ang masusunod, gagawin nila uli iyon ngayong gabi. “Sa tingin ko huli na para alalahanin ‘yon.”

“It was great, Jack. Really. Pero pisikal lang ang lahat ng ‘yon.”

“Bullshit.”

“Hindi makakatulong ang pagmumura sa usapang ‘to.”

“Hindi ako nagmumura. Nagpapakatotoo lang ako.”

“Fine,” usal nito at tinungo ang kusina. Umiiwas. Well, damn it all, hindi siya nito iiwasan. Hindi na ngayon.

Sinundan niya ito at nadatnan niya ang babae malapit sa telepono, tinitingnan ang paulit-ulit na pagkurap ng ilaw ng answering machine. Nakatayo lang ito at nakatanga, para bang daga na nakatitig sa ahas bago pa iyon manuklaw.

“Hindi mo ba pakikinggan ang mga mensahe mo?” tanong niya.

“Huh?” sagot nito. “Uh, hindi na sa tingin ko.”

“Bakit? Ayaw mo bang marinig ko?”

“Hindi lahat ng bagay ay tungkol sa 'yo.” Tinungo nito ang ref, binuksan iyon at kumuha ng soft drink.

Pinagmasdan ni Jack ang likod ni Raine pabalik sa ilaw sa machine na patuloy sa pagkurap. May mensahe kaya galing sa kung sinong lalaki? May karelasyon ba ito? O baka naman nakakatanggap ito ng tawag mula sa mga nakaka-one night stand, tulad niya. Sheeze, mababaliw siya sa pagkurap-kurap ng ilaw ng machine, kung hindi man maunang masira ang ulo niya dahil sa babaeng ito.

Hinarap niya si Raine, ngunit ramdam pa rin niya ang walang katapusang pagkurap ng machine. “Next weekend.”

Binuksan nito ang top lid ng soda, subalit hindi ito uminom. “I think we should keep things light for a while.”

“Light as in lite? Meaning walang substance?” demanda niya.

“Just light. Alam mo na, casual.”

Casual. Paano ba niya mararamdaman na kaswal lang ang lahat matapos niyang ibuhos ang kaluluwa niya rito nang paulit-ulit? At higit sa lahat, paano siya

magiging kaswal ganitong hindi pa rin tumitigil sa pag-flash ang linsyak na answering machine na iyon?

“Okay,” sabi niya. “Let’s spend another casual weekend together next week.”

Saglit na napakagat ito sa labi. “Puwede siguro.”

Oh, for the love of... masasakal na niya si Raine kung hindi lang din niya gustong pupugin ito ng halik. Walang namamagitan na kaswal sa kanilang dalawa. Or light. Or lite. Pero kung iyon ang gustong isipin ng babae, ayos lang basta bumalik ito sa bahay niya. Malayo na ang narating niya nitong nakaraang linggo, siguro naman kaya niyang makipag-areglo kay Raine, kahit madalas ay gusto na niyang mabaliw sa tigas ng ulo nito. Okay lang, basta ba hindi mabuwag ang matagal din niyang pinaghirapang ayusin. Magagawa iyon ni Jack, kung titigil lang sa kakakurap ang ilaw na iyon.

“Okay, sige, let’s spend a casual weekend together. Baka sa pagkakataong ito, makakapunta na tayo sa aplaya.” Hindi muna niya babanggitin ang tungkol sa kanyang pamilya. May tamang oras para roon.

“Okay, sige,” ani Raine. Mukhang napanatag ang loob nito.

Pero hindi mapapanatag si Jack hangga’t hindi

niya nalalaman niya kung sino ang nag-iwan ng mensahe sa answering machine nito. Itinuro niya ang kumukurap na ilaw. “Hindi mo ba sasagutin ’yan?”

“Ano ba ang problema?”

“Nakakabaliw kasi,” sagot niya.

“Sige na nga.”

Tinungo nito ang answering machine at pinindot ang play. May nagsalitang boses ng isang babae. “Hello, Raine, si Iris ’to. Tawagan mo ’ko.”

Dalawang beep ang sumunod. “Raine, Sabado ngayon ng gabi,” sabi muli ng pamilyar na boses, si Iris. “Alas seis. Nasaan ka na ba? Tawagan mo ako kapag natanggap mo ang mensahe na ’to.”

Tatlo pang beep at si Iris na naman. “Nag-out of town ka ba? Kanina ko pa tinatawagan ang cell phone mo pero walang sumasagot. Nasaan ka ba?”

“Hindi ko narinig ang cell phone mo,” ani Jack.

“Iniwan ko dito,” tugon ni Raine.

Apat na beep pa, at si Iris pa rin iyon. “Tawagan mo nga ako, Lorraine.”

Sa wakas nag-click ang makina at nag-rewind. Natapos din, at walang mensahe sa kahit na sinong

lalaki.

Nakahinga nang maluwag Jack. “Hindi mo ba siya tatawagan?”

“Uh, no. I don't think so.”

“Parang balisa kasi siya,” aniya.

Nagkibit-balikat ito, pero halatang hindi kampante base sa ikinikilos. “Siguro nga.”

“Boss mo ba siya?” tanong niya.

“Puwede mo rin sigurong sabihin iyon,” sagot nito. “Nanay ko siya.”

“Ang nanay mo?” ulit niya. “Ganyan ka ba makipag-usap sa nanay mo?”

“Hindi ko naman siya kinakausap, di ba?”

“Ganito mo tinatrato ang nanay mo?” giit niya. “Hindi mo siya kinakausap?”

“Tratuhin mo ang nanay mo kung paano mo gusto at tatratuhin ko ang nanay ko sa paraang gusto ko,” tugon ng dalaga.

“Importante ang pamilya, Raine.”

“Hindi mo alam kung ano ang sinasabi mo,” saad nito.

Sa totoo lang, alam niya kung ano ang sinasabi niya. Sa dalawang magulang, tatlong grandparents, apat na kapatid, tatlong hipag, dalawang pamangking babae, tatlong pamangking lalaki na madadagdagan pa ng isa—na mayroon siya—marami siyang alam tungkol sa pamilya. Sinubukan niyang magkaroon ng sariling pamilya, at ganoon na lang kasakit nang hindi iyon umubra. Hanggang ngayon ay dama pa rin niya ang sakit. Tanga lang ang hindi magpapahalaga sa pagmamahal ng isang pamilya.

Pero hindi tanga si Raine. Parang mayroong hindi tama sa sitwasyong iyon at unti-unti nang nagkakaroon ng kasagutan ang ilan sa mga katanungan ni Jack. May malaking problema ang babaeng ito pagdating sa intimacy. May isang taong malapit dito—at baka hindi lang isa—na nanakit dito. Kung matatsambahan niya ang taong iyon kahit sampung minuto lang, pagbabayaran niya ito. Kung hindi man niya magawa iyon, ipaparamdam niya kay Raine na mahalaga ito. Gagawin niya ang lahat para lang mapanatag ang loob nito at ibigay ang sarili nang walang pag-aalinlangan.

“Ano ba’ng nangyayari sa’yo?” tanong ni Raine.

“Ano’ng ibig mong sabihin?”

“Nakakatawa ang hitsura mo,” anito. “Para kang

nagsi-senti.”

“Baka senti talaga ako.”

“Hay naku.”

Nilapitan niya ang dalaga, kinuha ang soda sa kamay nito at inilapag iyon sa counter. Hinapit niya ito at inamoy ang buhok nito. “Payagan mo akong dumito ngayong gabi.”

“Hindi ko alam, Jack.”

“Walang sex, just comfort,” sabi niya. Hindi lang sigurado kung paano niya gagawin iyon. “I’ll give you a backrub.”

Napabuntong-hininga ito at humilig lalo sa kanya. “That sounds great.”

Marahan niyang hinaplos ang likod nito at hinalikan ito sa noo. “Ihahanda ko lang ang paligo mo.”

“Salamat.”

Marahan siyang kumalas sa pagkakayakap kay Raine at tiningnan ito nang mariin. “Tawagan mo na ang nanay mo.”

“Oo na.”

6

Sinagot ni Godwin ang telepono sa bahay ng mga Winstead sa Piedmont sa pangalawang ring nito. Mas lalong matunog ang accent nito tuwing kausap niya ito.

“Miss Raine,” ani Godwin. “Mabuti at napatawag kayo.”

“Nandiyan ba si Mama?”

“Opo at gustung-gusto po kayong makausap, kung di n’yo mamasamain ang pagkakasabi ko.”

Nahimigan ni Raine ang pag-aalala ng kanilang prim and proper butler na si Godwin. Hula niya ay naka-bed rest ang mama niya matapos na namang sumpungin ng sakit ng ulo nang hindi niya nasagot ang mga tawag nito dalawang araw na ang nakalipas.

“Kamusta na si Mama?” tanong niya.

“Mas magiging mabuti na siya,” sagot ni Godwin.

Walang duda. Tahimik sa kabilang linya maliban sa background sounds habang dinadala ng butler ang handset kay Iris. Sa wakas, narinig niya ang boses ng ina sa linya.

“Raine, Darling, saan ka ba nanggaling?”

“Umalis ako.”

“Alam ko,” sagot ni Iris. “Pero saan?”

“Napa.” Hindi na nito kailangang malaman pa ang ibang detalye.

“Hindi mo dinala ang cell phone mo?”

“Nalimutan ko,” pagsisinungaling niya.

“Darling, delikado ’yan.”

“Delikado?” Delikado ang dalawang araw na nawala siya sa radar nito?

“Hindi mo alam kung anong klaseng mga tao ang puwede mong makilala sa Napa.”

“Ma, sa tingin ko naman, hindi ako mahihirapang ipagtanggol ang sarili ko para hindi ako basta-basta na lang manakawan.”

“Alam mo kung ano ang ibig kong sabihin.”

Sa kasamaang palad, tama ito. Pero hindi naman siya makakalusot na hindi marinig ang paglilitanya nito anuman ang gawin niya.

“Masyadong mapanganib ang mundo para sa mga tulad natin. Delikado tayo d’un sa mga galit sa

'tin dahil sa mga tinatamasa natin na bunga naman ng mabigat na trabaho.”

Mabigat na trabaho. Halos matawa siya roon. Ang mabigat na trabaho para sa kanyang ina ay ang pagpili ng bagong upholstery pattern.

“May nangyari na namang patayan sa Oakland nitong weekend lang,” ani Iris.

“Nasa Napa ako.”

“Wag kang ganyan. Sa Oakland ka nakatira.”

“Kayo rin naman,” ani Raine.

“Sa Piedmont tayo nakatira.”

Technically, tama ang ina. Napapaligiran ng Oakland ang Piedmont, pero hindi ito parte ng Oakland. Sa matataas na gate ng mga lupain doon, kung minsan ay parang hindi ito parte ng mundo.

“Delikado diyan,” ani Iris. Paboritong salita yata nito ngayong gabi ang ‘delikado’. “Mas gusto ko kung hindi ka diyan nakatira.”

“Ma, nakatira ako sa security building malapit sa lawa.” Nakatira sa hindi magagandang parte ng bayan ang mga taong napapatay.

“Pero hindi ka nagtatrabaho sa isang security

building,” katwiran nito. “Kahit sino puwedeng pumasok diyan sa hospital na ’yan.”

“Araw-araw, Ma. Mga pasyente, doktor, nurses. Lahat ng masasamang nilalang.”

“Nag-aalala lang naman ako sa ’yo, Hija.”

Umupo si Raine sa isang silya at bumuntong-hininga. “Alam ko, Ma.”

“Hindi mo naman kailangang magtrabaho. Puwede mong gawin kahit ano’ng gusto mo.”

“Ginagawa ko ang gusto ko, Ma.”

“Puwede kang mag-charity work,” patuloy ni Iris na para bang hindi nagsalita si Raine. “Mas marami ka pang matutupad na magagandang bagay sa gan’ung gawain kaysa diyan sa hospital administration.”

“Sa tingin ko, importante rin naman ang ginagawa ko.”

“Oo, siyempre,” anito. “Kaya lang kasi may potensyal ka. Ipinagmamalaki ka namin ng daddy mo.”

At balang araw... Iyon parati ang susunod. At balang araw...

“At balang araw, inaasahan namin na bibigyan

mo kami ng mga apo,” ani Iris, right on cue. “Thirty years old ka na, Anak.”

“Alam ko kung ano ang edad ko.”

“Bakit hindi ka maghanap ng matinong lalaki at mag-asawa ka na?” tanong nito.

“Sinubukan ko na ’yan, Ma, hindi ba?”

“Hindi naman matino si Stephen.”

Pero may panahon na inisip ni Iris na mabuti si Stephen para sa kanya. Kumbinsido ito noon na maayos ang lalaki dahil sa hitsura nito at walang kapintasang pag-uugali. Nahulog din ang loob ni Raine sa ugaling iyon. Front lang pala ang binata ang pagiging magalang. Isang malaking kaibahan sa lalaking handa siyang i-pamper ng masahe sa kanyang kuwarto sa mga oras na ito.

Paniguradong iisipin ng mama niya na masyadong magaspang si Jack, base sa pickup truck nito at pagmumura paminsan-minsan. Iyon din siguro ang iniisip ni Raine ilang linggo na ang nakalipas. Ngayon... ano na nga ba? Sa lahat ng mga lalaking nakilala niya, si Jack ang nakahihigit sa pagkakaroon ng konsiderasyon. Oo nga’t makaluma—ang tawag nito sa sarili—kompleto ng mga sinaunang ideya tungkol sa pamilya... pero may kahanga-kahanga pa

rin sa ganoong klaseng old-fashionedness.

At ang nasabing lalaki ay bigla na lang sumulpot sa pintuan at sumandal sa hamba. Nakayapak ito at walang suot na pang-itaas. Baka wala rin itong suot sa loob ng pantalon. Paniguradong walang breeding kung nanay niya ang tatanungin. Pero walang duda, ang lalaking ito ang gusto niya, higit pa sa susunod niyang hininga.

“Ma, ‘bye na,” aniya sa telepono.

“Pero hindi pa tayo tapos.”

“May importante lang akong kailangang gawin.”

“Nasa bahay ka lang,” sabi nito. “What could be important?”

“Sasabihin ko na lang sa inyo bukas.”

“Makakapaghintay naman ako,” bulong ni Jack.

Tinakpan niya ang mouthpiece ng telepono. “Ako hindi.”

“May tao ba d’yan?” giit ni Iris. “Parang nakarinig ako ng boses.”

“Iyong television,” sagot ni Raine.

“Pero hindi ka nanonood ng TV,” anito.

“Sige na, Ma. Bukas na lang tayo mag-usap.”

Bago pa nakasagot si Iris, ibinaba na ni Raine ang telepono.

Nasa opisina si Raine at pinagmamasdan si Dr. LaTreese Dupree mula sa kanyang kinauupuan. Muli niyang sinipat sa gilid ng mata ang kanyang Thursday rose. As usual, iniuwi niya ang Wednesday rose kasama ang Tuesday at Monday rose na inilagay niya sa isang crystal vase. Dapat talaga iniipon na lang ni Jack ang pera nito para sa pagpapaayos ng bahay nito.

Napansin din ni LaTreese ang bulaklak, pero wala naman halos nakakalusot dito. Binasa nito ang résumé niya nang mag-apply siya ng trabaho roon at pinagtagpi-tagpi ang lahat para makuha ang seventy million dollars na mayroon siya. In fairness dito, tinanong siya nito tungkol sa kanyang background at naniwala pa rin na gusto niyang magkaroon ng career. Hindi tulad ng mga taong nag-interview sa kanya mula noong magtapos siya sa kolehiyo. Mukhang wala rin itong sinabihan tungkol sa pera niya dahil ordinaryo lang ang trato sa kanya ng lahat ng kasamahan niya sa hospital. Natutuwa siya dahil doon.

Paniguradong napagtanto na ni LaTreese na nagbago siya simula nang makipag-date siya kay Jack Bugalli. O kung anuman ang tawag doon sa pagsama niya kay Jack. Alam ng Diyos na iba ang nararamdaman ni Raine; alternately fulfilled and relaxed, exhilarated and scared spitless. At araw-araw may dumarating na bulaklak na nagsisilbing paalala kung paano siya nagpalipas ng weekend.

“Mukhang on schedule naman ang progress ng childcare center,” ani LaTreese.

“Natutuwa ako,” sagot ni Raine. Madalang nga lang siya kung bumisita sa site dahil mahirap makasama si Jack sa iisang bubong nang hindi niya nahahawakan ang katawan nito.

“Mahusay magtrabaho si Jack,” sabi nito. “Dati pa.”

“Hindi ko pa siya kilala dati.”

“Pero kilala mo na siya ngayon, di ba?”

“Um, no comment.”

Humalukipkip si LaTreese at pinandilatan ang bulaklak. “Araw-araw kang nakakatanggap niyan, ha.”

“Parang gan’un.”

“May naka-date si Jack na nagtrabaho dito may ilang taon na. Nakakatanggap din siya ng mga bulaklak, pero sa tingin ko, hindi naman araw-araw.”

Napaungol siya. “Alam na ba ng lahat ang tungkol sa 'min?”

“Mga dalawang tao lang siguro,” sagot ni LaTreese. “May problema ba d'un?”

“Oo. Wala. Wala naman siguro.” Tinapik ni Raine ang ibabaw ng mesa. “Oo, sa tingin ko meron nga.”

“Walang masama kung mag-involve kayong dalawa,” paliwanag ni LaTreese. “Pareho kayong single. Hindi mo siya boss at hindi ka rin niya boss.”

“Hawak ko ang project niya.”

“Nakuha na siya na gawin ang project bago pa man kayo nagkakilala,” anito. Tinitigan siya nito nang maigi. “Hindi ba?”

“Oo,” sagot niya kaagad.

“Yon pala, eh, di walang problema.”

Sumandal si Raine sa upuan at napaaisip. Umasa siya na magagawa niyang isekreto ang namumuong relasyon nila ni Jack, pero mabilis kumalat ang ganoong bagay. Makakatulong kung may makakausap

siya tungkol sa binata, lalo na sa taong matagal nang nakakakilala rito. Malawak ang pang-unawa ni LaTreese tungkol sa ibang tao at may ilang beses na rin nitong napatunayan na mapagkakatiwalaan ito.

“Ang problema ko lang ay hindi ako sigurado kung magtatagal si Jack,” aniya. “Hindi ko yata kakayanin na marami ang makaalam ng tungkol sa amin ’tapos kapag hindi nag-work out, kailangan kong ipaliwanag sa lahat.”

Tumaas ang kilay nito. “Parang sigurado ka nang may mangyayaring hindi maganda.”

“Hindi niya alam kung sino talaga ako,” usal niya.

“Nagpapanggap ka na naman?” tanong ni LaTreese. “International spy ka ba this time o undercover na pulis?”

“Alam mo kung ano ang ibig kong sabihin.”

“Subukan mo ’ko.”

“Hindi niya alam ang tungkol sa pera ko.”

“Sa tingin mo, mawawala ang pagtingin niya sa ’yo kapag nalaman niyang mayaman ka?”

“Hindi mo naiintindihan.”

Marahan itong natawa. “Aminado ako na hindi

ko naging problema ang pagkakaroon ng sobrang daming pera.”

Ipinatong ni Raine ang mga palad sa mesa at huminga nang malalim. “Buong buhay ko, iba-iba ang reaksiyon ng mga tao sa yaman ng pamilya ko. Noong bata ako, kinakaibigan ako ng mga kaklase ko para magamit nila iyong pool namin. Noong high school, gusto nilang hiramín ang mga damit ko. At n’ung college, iniisip ng mga kaibigan ko na maipapakilala ko sila sa mayayamang lalaki.”

“Wala kang naging kaibigan na totoo sa ’yo?”

“Yon ang problema. Hindi ako sigurado. Gusto ba talaga nila ako o may gusto lang silang bagay o pabor?”

“Ano’ng sabi ng mga magulang mo?”

“Libu-libo ang empleyado ng tatay ko. Gustung-gusto niya iyong mga sipsip.”

“At ang nanay mo?” senyas nito.

“Ang nanay ko.” Paano ba niya maipapaliwanag si Iris Winstead sa isang mapagpakumbabang LaTreee Dupree? “Palaging pinipilit ni Mama na bumarkada ako—o ‘makipagkilala lang’—sa mga mabubuting tao. S’abi niya magiging mabuti sa ’kin ang mabubuting

tao.”

“Mabuti,” ulit ni La Treese.

“Pinag-aral niya ako sa isang boarding school sa Europe. Ikinuha niya ako ng tennis coach. Ipinakilala niya ako sa halos lahat ng mabubuting lalaki na nahanap niya.”

“At?”

“May kumagat,” sagot ni Raine.

“Ah, isang lalaki,” ani LaTreese. “May pera o wala, may lalaki talagang involved, ’no?”

“We had our china pattern picked out. Na-engage na ang mga linsyak na invitation.” Nakikita pa niya ang mga imbitasyon sa isip niya. *Mr. and Mrs. Hartford Winstead, III, request the honor of your presence at the marriage of their daughter...*

“Ano’ng nangyari?”

“Ayaw niyang pirmahan ’yung pre-nup. Hindi pala siya kasing-bait gaya ng inakala ng nanay ko.”

“Aray.”

“Magastos na leksyon, pero natutunan ko,” aniya.

“At masakit din,” puna ni LaTreese. “Pero

malabong ganyan si Jack.”

Napabuntong-hininga siya. “Iyon din ang tingin ko.”

“Kung gan’un, ano’ng problema?”

“Natatakot ako na baka iyong kabaligtaran siya. Kasi si Jack... oh, hindi ko na alam.” Hinalughog ni Raine ang isip kung paano ilalarawan si Jack Bugalli. Walang siyang maisip na simpleng paliwanag. “Traditional. Macho, iyon.”

“Sa tingin mo mai-insecure siya?”

“Sa tingin ko lalo lang niya ipagdidiinan ang pagiging dominante niya. Patutunayan ang pagiging lalaki niya.”

“Sa bahay ka lang at buntis, gan’un?” dagdag ng kausap.

“Hindi niya ba gagawin iyon sa palagay mo?”

Napakunot ang noo ni LaTreese nang ilang minuto, halatang pinaglalaruan ang ideya sa isip. “Gagawin niya pero iyong tipong di mo mahahalata.”

Sa totoo lang, may nagawa na siguro si Jack na hindi niya nahalata, ilang beses na. Sa galing nito sa kama, talagang ginamit nito iyon para makuha

ang gusto sa kanya. At ang pag-aasikaso nito—the backrubs, ang malasakit, ang pag-iingat—lahat iyon ay parte ng paglalaro nito bilang magulang sa kanyang inner little girl. Gaano man niya nagustuhan ang atensyon at pag-aalaga na ipinaramdam nito sa kanya, kailangan niyang panatilihin ang sarili niyang katauhan at kalayaan.

“Naiintindihan kita,” pahayag ni LaTreese. “Pero magpakatotoo ka rin sa sarili mo. Pakakawalan mo na lang ba ang isang mabuting lalaki na tulad ni Jack dahil lang sa tingin mo magiging dominante siya?”

“Yan ang tanong, di ba?” Ilang linggo na rin niya iyong pinag-iisipan. Dapat ba niyang sabihin kung ano at sino siya talaga—sa puntong maaari siyang masaktan nito? O dapat ba niyang protektahan ang kanyang puso at sarili? Hindi naman niya kailangan ng lalaki para lang masabi na kumpleto siya, damn it. Pero gustung-gusto niya si Jack.

Tumayo si LaTreese sa kinauupuan, umikot sa mesa at umupo sa isang gilid niyon habang pinagmamasdan ang ekspresyon ni Raine. “I say, go for it. Matatag ka naman. Alam kong makakayanan mo anuman ang mangyari.”

Oo nga makaka-survive siya. Nalagpasan nga niya ang ginawa ni Stephen sa ego niya, pero grabe

rin ang sakit na dinanas niya. Gugustuhin ba niyang ilagay muli ang sarili sa sitwasyong iyon, kahit para sa isang tulad ni Jack?

“Kung hindi mo susubukan, hindi mo malalaman kung totoo o hindi ang namamagitan sa inyo,” ani LaTreese.

Yup. Korek si LaTreese doon.

Nang weekend na iyon, nakarating nga sila sa beach. Nag-empake si Raine ng pangginaw, sakali lang na malamig sa tabing-dagat. Pero sumikat ang araw at suwerteng nakahanap si Jack ng lugar kung saan protektado sila ng ilang talampas mula sa malakas na hangin. Isiniksik ni Raine ang paa sa buhangin at tinanggal ang sweater na suot para mailantad ang sexy tank top na binili niya may ilang araw na ang nakalipas. Namilog ang mga mata ni Jack habang gumagala ang paningin nito mula sa dibdib niya patungo sa tiyan, hanggang sa dumako iyon sa pang-upo niyang nakapaloob sa kupas na maong.

Inilapag nito ang picnic basket at ang kumot sa buhanginan. Ipinihit siya nito paharap, hawak ang mga braso niya. “Ang ganda mo, Ma’am.”

“Oh, thank you, Sir,” aniya.

“Mabuti na lang at walang ibang tao rito. Pag may nakita akong ibang lalaki na tumingin sa 'yo...”

“Ano'ng gagawin mo?”

“Yari siya sa 'kin.”

Lumapit siya rito at ipinulupot ang mga braso sa baywang nito. “Gugulpihin mo siya dahil lang tiningnan niya ako?”

“Talaga,” sagot ni Jack. Iba ang sinasabi ng ngisi nito. “Manghihiram siya ng mukha sa aso.”

“My, my. Sobrang bayolente, at para lang sa 'kin.”

Kinabig siya nito papalapit at hinalikan ang tungki ng kanyang ilong. “Gagawin ko ang lahat para sa 'yo, Raine.”

Dinampian din niya ng halik ang mga labi nito. “Pakainin mo 'ko.”

“Kayang-kaya kong gawin iyon.” Mariin siyang hinapit nito hanggang sa maramdaman niyang hindi malayong angkinin muli siya nito.

“Oh no, hindi puwede,” sabi niya. “Nasa kama na tayo buong umaga. Gutom na ako.”

“Killjoy.”

Natawa si Raine. Inabot niya ang kumot at inilatag iyon sa buhanginan. Kinuha ni Jack ang picnic basket, umupo at sinenyasan siya na saluhan ito. Pinanood niya ito habang kinukuha ang sandwiches, ang maliliit na lalagyan ng potato salad at bottled water. Kinagatan niya ang kanyang sandwich—sourdough roll na may salami, keso at iba't ibang dahon, may mayonnaise at spicy mustard pa. Heaven. Masarap din ang potato salad na may espesyal na rekados na ayaw sabihin ni Jack sa kanya. Tahimik silang kumain habang pinapanood ang paglipad ng mga seagulls sa kalangitan.

Makalipas ang ilang minuto, pinunasan ni Jack ang gilid ng labi gamit ang paper napkin. Marahan itong tumikhim. “May itatanong sana ako sa ’yo.”

Napatingin siya rito. Nakatanaw ito sa dalampasigan, hindi mabasa ang ekspresyon. Ngunit ang tono ng boses nito—masyadong kaswal—nagpahiwatig na ang itatanong nito ay malayo sa kanyang iniisip.

“Sige,” ani Raine.

“Gusto mo bang tumigil na tayo sa paggamit ng condom?”

Halos mabulunan siya sa nginunguyang lettuce.

Muntik na niyang iluwa iyon.

“Ang ibig kong sabihin ibang type ng birth control,” paliwanag nito. “Hindi mo naman siguro inisip...”

“Hindi ko alam ang iisipin ko,” usal niya.

“Hindi kita sasaktan.” Marahang hinaplos ng daliri nito ang pisngi niya. “Although nakakatukso ngang magkaanak, isang maliit na batang babae na kamukha mo, Raine.”

Nakakakatakot yata, hindi nakakatukso. Pero paano ba niya iyon sasabihin kay Jack ganoong ito sa kanya na may ibang kislap sa mga mata? Padalas nang padalas niyang nakikita ang kinang na iyon sa mga mata nito, lalo na tuwing pinapanood nito ang mukha niya kapag nagniniig sila. Delikado ang tinatakbo ng usapan, pero paano ba niya pipigilan ang lalaki?

“Puwedeng maliit na Jack,” aniya. “At lagot tayo pareho pag nagkataon.”

Natawa ito sa kanyang biro, pinaglandas ang daliri sa kanyang baba. “I’d like to feel you when I make love to you.”

Sa kabila ng mga pinagsaluhan nila ng lalaking

ito, naramdaman pa rin niya ang pag-init ng mukha mula sa pisngi hanggang sa kadulu-duluhang hibla ng kanyang buhok.

“You have amazing climaxes, Baby,” anas ni Jack. “Gusto kong maramdaman ’yon.”

Lalong nag-init ang kanyang mukha. Hinawakan niya ang kamay nito at inilayo iyon sa kanyang mukha. “Jack...”

“I could make love to you right now. I could take off that top you’re wearing and worship your breasts until you begged me to take you.”

Hindi ba’t alam na niyang kaya nitong gawin iyon?

“I could slip my hand into your jeans,” patuloy ni Jack. “I could make you come while still holding that sandwich.”

Pinaypayan niya ang sarili gamit ang isa pang kamay. “Kung makapagsalita ka, parang di kita pinagbibigyan.”

“Kaya kong gawin ’yon, Raine. Puwede kitang angkinin ngayon at pasigawin hanggang sa matakot ang mga ibon.”

“Kumbinsido na ako, okay?” Salita lang pero nag-

iinit na siya. Kakaiba talaga ang epekto ng lalaking ito sa kanya. “Iba ang pinag-uusapan natin.”

“Right.” Nahihiyang ngumiti si Jack. “So iniisip ko kasi...alam kong sobra ’tong hinihingi ko... pero condom lang ang birth control na puwede sa lalaki. Lalo na kung gusto pa niyang magkaanak.”

“At gusto mong magkaanak.”

“Oh yeah.”

“Nakagamit na ako ng pills noon,” sabi niya. Puwede sigurong magpareseta siya kay LaTreeze. “Pero hindi lang naman pagbubuntis ang issue.”

Sa pagkakataong iyon, si Jack ang nag-blush. Nahalata niya ang pamumula sa cheekbones nito. “Payag akong magpa-test for STDs. Hindi dahil meron ako n’un, alam mo ’yun.”

“Alam ko.”

“Hindi ako ang tipong nagtataksil. Hindi ako basta-basta nakikipag-sex. May commitment lagi sa parte ko.”

“Hanggang sa dumating ako,” aniya.

“Noong una pa lang kitang nakita, nag-commit na ako sa ’yo.” Tumigil ito saglit. “Ngayon ang gusto

ko makipag- commit ka rin sa 'kin."

"Jack, wala akong ibang karelasyon," sagot niya. "Paano pa ako magkakaroon ng oras para gawin 'yon?"

"Hindi ako nagbibiro, Raine. Gusto ko magpa-test ka rin kagaya ko."

Gusto niyang sabihin na hindi na iyon kailangan. Nagpa-blood test na siya nang ma-engage siya kay Stephen, at wala siyang ibang nakasamang lalaki maliban kay Jack buhat noon. Pero wala siya sa mood na ungkatin muli ang masalimuot na storya ng naunyang engagement. "Sige. Humanap ka ng clinic na malayo sa opisina at magpapa-test ako."

"At gusto kong mangako ka sa 'kin—na wala kang magiging ibang lalaki."

"Walang iba." At saan naman siya hahanap ng iba? Bakit niya pa kailangan ng iba?

"At kapag nagkaproblema tayo, aayusin natin 'yon at hindi tayo maghihiwalay."

"Masyado ka nang sinusuwerte." Kinagatan ni Raine ang sandwich na hawak at ngumuya.

Pinagmasdan siya nito ng ilang minuto, pagkatapos ay natawa. Akala nito siguro ay nagbibiro

siya. Hindi na niya itatama ang akala nito, lalo na't maganda ang ambiance ng paligid at masarap ang pagkaing pinagsasaluhan nila.

“Sinusuwerte na rin lang ako, ano kaya kung ipakilala mo ako sa pamilya mo?” anito.

Halos mabulunan siya uli. “Meron ka pa bang ibang request?”

“Let's see.” Hinimas nito ang baba. “Contraception, tests, commitment, family. Iyon lang muna sa ngayon.”

“Ayaw mo bang makita ang report card ko n'ung preschool? Reference letters? Baka gusto mo rin ng isang pint ng dugo ko.”

“Nope,” sagot nito. “Pamilya lang.”

“Mga magulang ko. Hartford and Iris Winstead.”

“Hartford?” ulit ni Jack.

“The third. Gusto mo pa ring makilala siya?”

“Siya ba ang tatay mo?” tanong nito.

“Last time I checked.”

“Kung gan'un gusto ko siyang makilala.”

Talk about getting committed. Pero kung may kukumbinsi kay Jack na hindi na nito gugustuhing

ma-involve sa kanya, iyon ay ang pagbisita sa mga magulang niya. Malalaman base sa magiging trato nito sa kanya pagkatapos. Baka hindi masamang ideya ang ipakilala ito sa mga magulang.

“Gusto mong mag-weekend sa Oakland?” tanong ni Raine. “Matutuwa ang mga magulang ko na makilala ang dahilan kung bakit magpi-pills ang santa nilang anak.”